# Modyul 13
# Pagbuo ng Pagpapasya Ayon sa Katwiran at Patunay na Inilahad Tekstong Argyumentativ/Persweysiv



## Tungkol saan ang modyul na ito?

Magandang araw sa iyo. Kumusta? Nasa ikatlong markahan ka na, binabati kita! Sisimulan mo ngayon ang unang modyul sa markahang ito.

Maraming pagkakataong nakakapanood ka ng mga forum na tumatalakay sa iba-ibang isyu ng lipunan. Mula sa simpleng tanong na: Nakakaapekto ba ang panonood ng anime sa pag-uugali ng mga bata at kabataan? Hanggang sa mas kumplikadong: Tama o mali bang magpataw ang gobyerno ng karagdagang buwis sa mga pangunahing bilihin? Mabuti ba o masama ang panghihimasok ng Estados Unidos sa problemang panloob (*internal affairs)* ng ibang mga bansa?

Paano mo titimbangin kung tama o mali ang panig ng mga nagsasalita? Isa ito sa mga matututunan mo sa modyul na ito - ang magpasya. Matututo ka ring magsuri at gumamit ng mga salita at pangungusap na nagpapakilala ng mga intensyon. Bukod dito, malalaman mo rin ang wastong gamit ng mga pangatnig.

Sisikapin ng modyul na ito na higit na malinang ang iyong kasanayan sa pagsusuri sa mga salitang may iba'tibang pagpapakahulugan.

Marahil ay handa ka na. Huwag kang mag-alala, tutulungan ka ng modyul na ito.



## Ano ang matututunan mo?


Inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod na kasanayan sa pag-aaral ng modyul na ito:

1. natutukoy at nakabubuo ng mga pangungusap na nagpapakilala sa aktwal na intensyon
2. naisasagawa ang iba't ibang paraang ginagamit sa pagpapakahulugan sa salita tulad ng:
    a. pag-uugnay sa sariling karanasan

b. ayon sa sitwasyong pinaggagamitan
c. sa pamamagitan ng pahiwatig na tono
d. batay sa mambabasa
e. batay sa panahon, lokasyon at oryentasyon ng babasa

3. nasusuri ang paraan ng paggamit ng salita ayon sa pagiging formal at di-formal
4. nasusuri, natutukoy at nabubuo ang mga pangungusap na nagpapahayag ng argumento sa tulong ng wastong gamit ng mga pangatnig
5. nabubuo ang pagpapasya ayon sa mga patunay at katwirang inilahad

Sige, magpatuloy ka.



## *Paano mo gagamitin ang modyul na ito?*

Narito ang mga tuntuning dapat mong sundin sa paggamit ng modyul:

1. Una sa lahat, ingatan mo ang modyul na ito. Huwag mo itong dudumihan at susulatan. Gumamit ka ng hiwalay na sagutan/sulatang papel para sa pagsagot sa mga pagsusulit.

2. Sagutin mo at huwag lalaktawan ang *Panimulang Pagsusulit*. Ito ang panimulang hakbang upang masukat at matiyak ang dati mo nang kaalaman sa paksang tatalakayin sa modyul na ito.

3. Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Iwasto mo ang iyong sagot. Maging matapat ka lamang sa pagwawasto, ha? Huwag kang mag-aalala kung mababa ang markang nakuha mo. May inihanda akong mga gawain at iba pang pagsasanay na tiyak na makatutulong sa iyo.

4. Basahin at unawain mong mabuti ang mga teksto bago mo sagutin ang mga gawaing kaugnay nito. Unawain mo ring mabuti ang mga panuto dahil malaki ang maitutulong nito upang maging madali sa iyo ang pagsagot sa mga gawain.

5. Sagutin mo agad ang *Pangwakas na Pagsusulit* upang matiyak mo kung natutunan mo ang aralin, kunin mong muli ang susi sa pagwawasto sa iyong guro. Muli, maging matapat ka sa pagwawasto.

6. Bigyang-halaga mo sana ang modyul na ito, kaibigan. Sikapin mong sagutin ang mga gawaing inihanda ko katulad ng pagsisikap kong matulungan kang matuto.

Sige, magsimula ka na!



## *Ano na ba ang alam mo?*

**Panimulang Pagsusulit**

Sagutan ang panimulang pagsusulit. Huwag kang mag-alala. Aalamin lang nito kung kailangan mo pa ang modyul na ito o kung tutuloy ka na sa susunod. Tandaang gumamit ng hiwalay na sagutang papel.

I. **Pagsusuri sa Teksto**

A. Basahin at suriin ang teksto. Ihanay sa unang kolum ang mga patunay na inilahad ng sang-ayon at sa ikalawang hanay ang salungat sa isyung tinalakay.

**Imperyalismo at Globalisasyon**

Globalisasyon, isang anyo nga ba ng imperyalismo?

Ayon sa mga dalubhasa sa pulitika, ang dahilan ng pagsiklab ng nakaraang Una at Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay ang imperyalismo. Ang mga bansang imperyalistang ay pare-parehong nangangailangan ng mga kolonya at pamilihang maaari nilang pagbentahan ng mga produktong pinag-ukulan ng malalaking kapital kaya sila ay nag-una-unahan sa pananakop ng mga teritoryo. Bunga nito, nagkaroon ng pandaigdigang kaguluhan na sinundan naman ng malaganap na industriyalisasyon. Ang ipinagmamalaking industriyalisasyon daw ng mga bansang imperyalista ay pinagbuwisan ng buhay ng milyun-milyong mamamayan sa buong daigdig na sinakop ng makabagong kolonyalismo. Ito nga ang imperyalismo.

Sa kasalukuyan, ang isinusulong naman ng imperyalista ay ang tinatawag na globalisasyon. Ayon sa kanila, isa itong istratehiyang pang-ekonomiya na magsisilbing daan tungo sa pag-unlad. Una, may layunin itong maging magkapantay ang oportunidad ng lahat ng mga bansa sa larangan ng ekonomiya sa pamamagitan ng maluwag na pagbubukas ng pamilihan para sa mga mamumuhunan. Ikalawa, ito raw ang daan tungo sa pandaigdigang pag-unlad o progreso sapagkat ang mga maliliit na bansa ay dadayuhin ng mga mamumuhunan o *investors*. Dahil dito, magkakaroon ng mas maraming opurtunidad at trabaho. Ikatlo, ito ang mag-aalis ng pagitan o hangganang naghihiwalay sa mga bansa. Layunin nitong itayo ang isang pandaigdigang komunidad para sa malayang kalakalan at malayang pamumuhunan. Sa kabuuan, mabubuhay ang mga mamamayan ng daigdig sa iisang komunidad na may iisang ekonomiya at magsusulong ng kapatiran ng mga bansa.

Sinasabi naman ng mga salungat na ang globalisasyon ay isa lamang anyo ng imperyalismo kaya hindi dapat tangkilikin. Narito ang kanilang mga argumento. Ang tatlong haligi ng globalisasyong ito ay nakakiling lamang sa mga mayayamang bansang may sapat na kapital upang makipagkalakalan. Una, ang *liberalization* ay nagpaluwag ng paglalabas-masok ng kapital at kalakal sa bawat bansa na hindi gaanong hinahadlangan ng mga batas at buwis na pumipigil sa malayang paggalaw nito. Ikalawa, Ang *privatization* ay

ang pagbitaw ng gobyerno sa mga hawak nitong industriya at pagpapaubaya na ariin ito ng pribadong sektor na may kakayahang mamuhunan. Malaki ang posibilidad na ang pwersa ng paggawa ay lalong bumaba ang antas ng kabuhayan dulot ng kawalan ng proteksyon mula sa pamahalaan. Ikatlo, ang *deregulation* ay ang pagbabawas at paglalagay ng minimum na interbensyon ng gobyerno sa takbo ng negosyo at pagpapahintulot na ang "batas ng pamilihan" ang maging motor ng ekonomiya. Kung gayon, may kakayahan ang mga bagong may-ari na magdikta o magmanipula ng presyo at serbisyo sa pamilihan. Kung susuriing mabuti ang lahat ng punto, lumalabas na ang mga mayayamang bansa lamang ang mananatiling kapitalista samanatalang ang mga maliliit ay mananatiling mga manggagawa lamang. Samakatwid, halatang-halata na ang ibig sabihin ng globalisasyon ay ang lubusang pagpapalaganap at ganap na paghahari sa buong mundo ng kapitalismo sa anyo ng imperyalismo. Malinaw na ang globalisasyon ay isang bagong anyo lamang ng rekolonisasyon ng mundo.

Ang dalawang panig ay parehong may mga punto sa kanilang mga argumento. Ang globalisasyon nga ba ay isang anyo ng imperyalismo?

| Sang-ayon | Salungat |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |

B. Tukuyin ang aktwal na intensyon ng mga sumusunod na pahayag. Titik lamang.

1. *Ang mga bansang imperyalista ay pare-parehong nangangailangan ng mga kolonya at pamilihang maaari nilang pagbentahan ng mga produktong pinag-ukulan ng malalaking kapital kaya sila ay nag-una-unahan sa pananakop ng mga teritoryo.*
   Ang pahayag ay may intensyong:
   a. ipakita ang masamang interes ng mga imperyalista sa mga teritoryo.
   b. ipagtanggol ang mga imperyalista.
   c. ipagyabang ang kayamanan at kapangyarihan ng mga imperyalista.
   d. ilahad ang lawak ng sakop ng mga imperyalista.

2. *Ang ipinagmamalaking industriyalisasyon* **daw** *ng mga bansang imperyalista ay pinagbuwisan ng buhay ng milyun-milyong mamamayan sa buong daigdig na sinakop ng makabagong kolonyalismo*.
   Ito ay may intensyong:
   a. bilangin ang milyun-milyong namatay sa digmaan.
   b. kutyain ang industriyalisasyong inaaangkin ng mga imperyalista.
   c. suriin ang industriyalisasyong dulot ng kolonyalismo.
   d. ipaliwanag ang kahulugan ng makabagong kolonyalismo.

3. *Sa kasalukuyan, ang isinusulong naman ng imperyalista ay ang tinatawag na globalisasyon. Ayon sa kanila, isa itong istratehiyang pang-ekonomiya na magsisilbing daan tungo sa pag-unlad.*

   Ang teksto ay may intensyong:
   a. ipagmalaki ang istratehiya ng imperyalismo.
   b. hatiin ang opinyon ng mga mambabasa.
   c. ilahad ang tunay na kahulugan ng globalisasyon.
   d. ipagtanggol ang globalisasyon.

4. *Ang tatlong haligi ng globalisasyong ito ay nakakiling lamang sa mga mayayamang bansang may sapat na kapital upang makipagkalakalan.*

   May intensyon itong:
   a. bigyan ng kredito ang globalisasyon.
   b. ipaliwanag na dapat makipagkalakalan sa mayayamang bansa.
   c. ipaunawang ang globalisasyon ay nakapabor lamang sa mayayamang bansa.
   d. ilahad na dapat ang capital ay manggaling sa mga mayayamang bansa.

5. *Samakatwid, halatang-halata na ang ibig sabihin ng globalisasyon ay ang lubusang pagpapalaganap at ganap na paghahari sa buong mundo ng kapitalismo sa anyo ng imperyalismo. Malinaw na ang globalisasyon ay isang bagong anyo lamang ng rekolonisasyon ng mundo*.

   Ang teksto ay may intensyong:
   a. hikayatin ang mga mambabasa na umayon sa kanyang panig.
   b. ayunan ang globalisasyon.
   c. Ipagtanggol ang paghahari ng kapitalismo.
   d. Lituhin ang mga mambabasa sa isyung tinalakay.

## II. **Pagpapakahulugan sa Salita at Pangungusap**

Lagyan ng tsek (/) ang kahon kung angkop ang mga pangungusap sa aytem at **(X)** kung hindi.

1. Batay sa Sariling Karanasan

☐ Nagsimula ang malawakang armadong pananakop ng teritoryo noong panahon ng *Roman Empire*.

☐ Nakita ko kung paano pinahirapan ng kapitalismo ang masang Pilipino.

☐ Nakontrol ng *British Empire* ang Africa at maraming bansa sa Asya.

2. Batay sa tono o himig

Ang sumusunod ay nagpapahayag ng maigting na damdamin ng paghihimagsik:

☐ Sapat na ba sa iyo ang maging alipin sa habampanahon?

☐ Pagkilos at pagkamulat ang sagot sa kahirapan.

☐ Bigyang-dangal natin ang lahing nakasanayan na nilang alipinin!

3. Batay sa mambabasa

Sa isang asembli ng mga propesyunal na sawa na sa maruming uri ng pulitika:

☐ Ginagawa natin nang maayos ang ating mga obligasyon bilang mamamayan ng bansa. Ipagpatuloy natin ito.

☐ Ang produksyon ng bigas ay lalong bumaba sa taong ito.

☐ Kung ang mismong liderato ng bansa ay nandaraya, ano kaya ang maaasahan natin sa mga nasa ibaba?

4. Batay sa panahon at lokasyon

Sa isang sesyon sa konggreso tungkol sa pagsasabatas ng ekspansyon ng *value-added tax:*

☐ Mga ginoo at ginang sa bulwagang ito: Hayaan ninyong isa-isahin ko ang mga kabutihan ng panukalang ito.

☐ Nasisiraan ka na ba ng ulo, bakit naman ako papayag sa gusto mo?

☐ Iginagalang ko ang iyong opinyon, subalit ako ay tuwirang sumasalungat dito.

5. Ayon sa sitwasyong pinaggagamitan

Ang mga sumusunod ay may kahulugang kontekstwal:

☐ Hangang-hanga ako sa iyo! Naipaliwanag mo nang malinaw ang mga prosesong pinagdadaanan ng batas.

☐ Hangang-hanga ako sa iyo! Ni wala kang nasabi.

☐ Hangang-hanga ako sa iyo! Pinalakpakan ka ng lahat.

III. **Gamit ng Pang-ugnay**

Piliin ang angkop na pang-ugnay sa daloy ng kaisipan ng teksto. Titik lamang.

*Video Machines* at Neo-kolonyalismo

Kung susuriin, naniniwala akong ang pagnenegosyo ng mga dayuhan ng *video machines* sa Pilipinas ay isa sa mga istratehiya ng neo-kolonyalismo.(1.a. **Una,** b. **Pang-una**) sa ibang bansa nanggagaling ang mga video machines. (2.a. **Sapagkat,** b**. Kung ganoon)** , ang bansang gumagamit nito ay konsyumer lamang. Ang tanging nakikinabang ay ang bansang mayayaman at may sapat na

kapital. Ikalawa, ito ay may disenyong nakapatern sa kultura ng bansang pinanggagalingan. (3.a**. Bagamat**, b. **Samakatwid)** ang isinusulong nito ay ang kultura lamang nila **kaya** walang pakialam sa mga bansang konsyumer. {4.a. **Ikatlo**, b.**Pantatlo**) ang mga laro sa video games ay lagi nang tungkol sa pamamayani ng mga malalakas at makapangyarihan. Kung sino ang mas marahas, siya ang mangingibabaw. Hindi ba ang karahasan ay ang unang sandata ng mga kolonisador? {5.a. **Sa kabuuan**, b **Kaya**)  masasabi kong ang paraang ito ay may istratehiyang neo-kolonisador- sa ekonomiya nila pinararaan ang pananakop

IV. **Pagsusuri at Pagsulat ng Pasya**

Basahin ang mga teksto. Tukuyin ang uri nito. Pagkatapos, pumili ng isa na gusto mong sagutin. Pagpasyahan kung ano ang panig na sasang-ayunan o sasalungatin mo. Timbanging mabuti ang mga ideya. Tandaan na ito ay dapat na nakabatay sa mga katwiran at patunay na inilahad. Maaari mong gamitin ang balangkas na inihanda sa paglalahad ng iyong panig – formal o informal.

1. *Sa kasalukuyan, ang isinusulong naman ng imperyalista ay ang tinatawag na globalisasyon. Ayon sa kanila, isa itong istratehiyang pang-ekonomiya na magsisilbing daan tungo sa pag-unlad. Una, may layunin itong maging magkapantay ang oportunidad ng lahat ng mga bansa sa larangan ng ekonomiya sa pamamagitan ng maluwag na pagbubukas ng pamilihan para sa mga mamumuhunan. Ikalawa, ito raw ang daan tungo sa pandaigdigang pag-unlad o progreso sapagkat ang mga maliliit na bansa ay dadayuhin ng mga mamumuhunan o investors. Dahil dito, magkakaroon ng mas maraming opurtunidad at trabaho.  Ikatlo, ito ang mag-aalis ng pagitan o hangganang naghihiwalay sa mga bansa. Layunin nitong itayo ang isang pandaigdigang komunidad para sa malayang kalakalan at malayang pamumuhunan. Sa kabuuan, mabubuhay ang mga mamamayan ng daigdig sa iisang komunidad na may iisang ekonomiya at magsusulong ng kapatiran ng mga bansa*.

2.   *Siguro, masaya ka ngayon dahil maraming mga produktong imported sa Pilipinas, di ba? Kahit saan ka tumingin, nandyan lang ang mga gamit na gusto mo. Ang totoo, ang iba ay mas mura pa sa mga lokal. Pare, pag-isipan mo: Bakit kaya nagkakaganito- mahal ang lokal, mura ang imported? Simple lang ang sagot dyan! Gusto mong malaman? Sige, makinig ka… Sa mga imported, murang binibili ang hilaw na materyales na ginamit, mula sa maliliit na bansang hawak sa leeg ng mga mayayamang bansa. Ang pagproseso ay mura rin dahil ang mga trabahador ay mula sa mga naghihirap na mamamayang kahit pakainin na lang ay papapayag na basta mabuhay lang. Pag nayari na ang produkto, maluwag itong makakapasok sa mga maliliit na bansa na halos walang restriksyon, halos walang binabayarang buwis. Free market ang tawag nila roon. Ano ngayon ang mangyayari sa produktong lokal? Mahal ang produksyon, mahal ang pagpapatrabaho, napakalaki ng buwis na binabayaran, maraming tumatangkilik sa imported, tulad mo! Talo agad,  di ba? O ano pare, naintindihan mo ba?*

- FORMAL

Tungkol sa isyung ___________________ (Ang isyung pinili mo.) Naniniwala akong __________________________________ (Ilahad ang iyong panig.) Nasabi ko ito sapagkat _________________________________ (Unang matibay na patunay o katwiran.) Ikalawa __________________________________(Kasunod na katwiran at paliwanag.) Ikatlo, _______________________________________ (Panghuling katwiran at depensa.) Sa kabuuan, kung susuriin ______________________________ (Epekto ng panig kung sasang-ayunan ng nakararami) Kaya naniniwala ako at naninidigang ____________________________ (Pagbibigay-diing muli sa panig.)

- INFORMAL

Mga kaibigan, kung ang pag-uusapan natin eh ang isyung ___________________ (Ang isyung pinili mo.) Heto ang paniwala ko ______________________________________ (Ilahad ang iyong panig.) Nasabi ko, ito kasi ___________________________________ (Unang matibay na patunay o katwiran.) Ikalawa rito, isipin mo na lang di ba _________________________________________________(Kasunod na katwiran at paliwanag.) Ikatlo, kung ikaw, hindi ba maiisip mo ring _________________________________________________________ (Panghuling katwiran at depensa.) Kung titingnan mo, makikinabang tayong lahat dahil ______________________________ (Epekto ng panig kung sasang-ayunan ng nakararami) Kaya ako, hindi mababago ang pasya ko na____________________________ (Pagbibigay-diing muli sa panig.)

## *Mga Gawain sa Pagkatuto*

Sub-Aralin 1:

Pagsusuri sa mga Salita/ Pangungusap na Nagpapakilala ng Aktwal na Intensyon
Pagsusuri ng Iba't ibang Paraan ng Pagpapakahulugan ng mga Salita
Pagsusuri ng mga Teksto at Pagpapakahulugan sa Intensyon Nito
Pagsulat ng Tekstong Argyumentativ Gamit ang Iba't ibang Paraan ng Pagpapakahulugan sa mga Salita

***Layunin:***

1. Nakabubuo ng mga pangungusap na nagpapakilala ng aktwal na intensyon
2. Nasusuri at nagagamit ang iba't ibang paraan ng pagpapakahulugan sa salita
3. Nakasusulat ng tekstong argyumentativ gamit ang mga natutuhang paraan

**Alamin**

Madalas na laman ng balita ang mga rally at demonstrasyong nagaganap sa EDSA at sa paligid ng Malacanang. Pansinin na hindi lamang sa Pilipinas nagaganap ang ganito. Mababalitaan din ang parehong mga pagkilos sa iba pang mga bansa sa daigdig, lalo na sa Asya. Karaniwan nang nababasa sa kanilang plakard ang ganito: TUTULAN ANG IMPERYALISMO! IBAGSAK ANG MGA IMPERYALISTA!

Ano kaya ang ibig nilang sabihin? Tama, may tinututulan sila. Pero ano nga ba ang kanilang tinututulan?

Sige basahin mo ang artikulong ito para magkaroon ka ng ideya.

**Linangin**

**IMPERYALISMO SA ASYA**

1. Ang imperyalismo ay isang teoryang pulitikal na tumutukoy sa pag-angkin at pamamalakad sa mga lupaing sinakop at pinagharian ng mga imperyo tulad ng ginawa ng *Roman Empire*.

2. Malaking bahagi ng Asya ang dumanas ng marahas na pananakop at pagkontrol ng imperyalismo ng mga taga-Europa. Maraming dahilan kung bakit madali itong naisagawa ng mga Europeo.Narito ang ilang pangunahin:

Una, hindi pa lumalaganap ang Rebolusyong Industriyal sa Asya. Dahil dito ang kanilang mga sandatang pandigma ay di-hamak na mas mahihina kaysa sa mga imperyalista. Ikalawa, ang mga organisasyong militar sa kalahatan ay talagang walang magagawa laban sa napakalakas na pwersa ng kalabang Europeo. Ikatlo, kulang na kulang ang representasyon ng pamahalaan sa bawat sektor ng lipunan na lalong nagpalala ng kawalan ng pagkakaisa ng mga mamamayan. Ikaapat, mas pinahahalagahan ang kaligtasan ng watak-watak na tribong etniko kaysa sa damdaming nasyonalistiko. Nagkanya-kanya ang bawat pangkat. At ang huli, ang malaganap na kamangmangan ay nagpadali sa panloloko at pagsasamantala ng mga imperyalista.

Sa kabuuan, ito ang mga dahilang humadlang sa development ng nagkakaisang lipunan at malakas na administrasyon ng mga bansang Asyano.

3. Naniniwala akong ang masasaganang likas na yaman at mga hilaw na produkto, gayundin ang murang bayad sa paggawa ay siyang naging malakas na atraksyon sa mga imperyalista na manakop. Matibay itong mapatutunayan dahil nang nakita ng mga Europeo ang

napakayamang lugar, gayundin ang kahanga-hangang lokasyon ng Asya, naging obsesyon nilang maging kolonya ito. Isang pagpapatunay rito, hinati nila ang pananakop sa mga bansang Asyano. Ang totoo, naging madali para sa kanila ang magtayo ng kanilang teritoryo sa Asya. Sinakop ng Britanya ang India, Sri Lanka at Hongkong. Samantala, ang Macau, Singapore, Malaya at Pilipinas ay pinagharian ng Portugal. Nasakop ng mga Dutch ang Indonesia habang ang mga Pranses ay Indo-China, Laos, Cambodia at Vietnam naman.

4. Pagkaraan ng mahabang panahon ng pananakop, napakaraming madudugong digmaan, at usapang pangkapayapaan, unti-unting ibinalik ng mga imperyalista ang kalayaan ng kanya-kanyang kolonya. Ngunit, hanggang sa kasalukuyan ay makikita at mararamdaman ang impluwensya ng kulturang Europeo sa Asya. Higit pa rito, ang tuwiran at di-tuwirang panghihimasok sa ekonomiya ng ibang malalaki at makakapangyarihang bansa sa mga mahihina at maliliit na bansa ay siyang mahigpit na tinututulan ng mga kasangkot na mamamayan. Ayon sa kanila, ang ganito ay lalong nagpapahirap sa mga bansang Asyano. Sa kabila nito, sinasabi ng mga imperyalista na kailangang-kailangan sila ng mga maliliit na bansa. Sa ngayon, karaniwan nang makita ang mga pagmamartsa sa lansangan, dala ang mga plakard na may nakasulat na: IBAGSAK ANG IMPERYALISMO! IBAGSAK ANG MGA IMPERYALISTA!

Ngayong tapos mo nang basahin ang artikulo, ano ang tinututulan ng mga laban sa imperyalismo?

Tama ka. Tinututulan nila ang panghihimasok at pakikialam ng mga imperyalista sa mga maliliit na bansa.

Ano nga ba ang imperyalismo? Tama. Ito ang pananakop ng higit na malalakas at makapangyarihang mga bansa sa mga mahihina at maliliit.

Ayon sa mga mamamayan ng kolonya, ano ang nagiging epekto ng imperyalismo sa kanilang bansa? Okey. Mas humihirap ang kalagayang pang-ekonomiya ng bansa dahilan sa personal na interes ng mga imperyalista.

**Gawain 1**

Ipinaliliwanag din ng artikulo ang mga dahilan kung bakit naging madali ang pananakop ng imperyalista sa mga bansang Asyano. Narito ang ilang mga salita at pariralang ginamit sa teksto. Basahin mo at suriin ang bawat isa.

Pangkatin ito. Isulat sa kolum **A** ang may kaugnayan sa imperyalismo/ imperyalista, at sa kolum **B** ang sa kolonya.

| | |
|---|---|
| Mahina ang organisasyong militar | Marahas na pananakop |
| Makapangyarihang bansa | Panghihimasok |
| Masaganang likas na yaman | Watak-watak na tribo |
| Panloloko at pagsasamantala | Walang pagkakaisa |
| Mura ang bayad sa paggawa | Nagtayo ng teritoryo |

| Imperyalista/Imperyalismo<br>(A) | Kolonya<br>(B) |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |

Ikumpara mo nga ang sagot mo sa nasa ibaba:

| Imperyalista/Imperyalismo | Kolonya |
|---|---|
| 1. Marahas na pananakop | 1. Mahina ang organisasyong militar |
| 2. Panloloko at pagsasamantala | 2. Walang pagkakaisa |
| 3. Nagtayo ng teritoryo | 3. Mura ang bayad sa paggawa |
| 4. Makapangyarihang bansa | 4. Masaganang likas na yaman |
| 5. Panghihimasok | 5. Watak-watak na tribo |

Tama ba ang klasifikasyon mo? Kung hindi, basahin mong muli ang teksto.

Ngayon, suriin ang salita at pariralang inihanay mo.

Paano ito ginamit? Sa pamamagitan ng paglalahad ng mga paliwanag tungkol sa paksa, di ba. Ano nga ulit ang paksa? Tama, imperyalismo sa Asya.

Pagkabasa mo sa kabuuan ng artikulo, anong impresyon ang nakuha mo? Panig ba ang manunulat sa imperyalismo, o laban siya rito?

☺ Suriin mong muli ang huling talata. Nilagyan ng bilang ang bawat pangungusap upang madali mong matukoy at masuri ang intensyon ng manunulat.

*(1) Pagkaraan ng mahabang panahon ng paghahari, ng napakaraming madudugong digmaan, at masalimuot na usapang pangkapayapaan, unti-unting ibinalik ng mga imperyalista ang kalayaan ng kanya-kanyang kolonya.(2) Ngunit, hanggang sa kasalukuyan ay makikita at mararamdaman pa rin ang impluwensya ng kulturang Europeo sa Asya. (3)Higit pa rito, ang tuwiran at di-tuwirang panghihimasok sa ekonomiya ng ibang malalaki at makakapangyarihang bansa sa mga mahihina at maliliit ay siyang mahigpit na tinututulan ng mga mamamayan ng kolonya. (4)Ayon sa kanila, ang ganito ay lalong nagpapahirap sa mga bansang Asyano. (5)Sa kabila nito, sinasabi ng mga imperyalista na kailangang-kailangan sila ng mga maliliit na bansa. (6)Sa ngayon, karaniwan nang makita ang mga pagmamartsa sa lansangan, dala ang mga plakard na may nakasulat na: IBAGSAK ANG IMPERYALISMO! IBAGSAK ANG MGA IMPERYALISTA!*

Balikan mong muli ang tanong kanina. Panig ba ang manunulat sa imperyalismo o laban siya rito? Tama ka. Laban siya.

Ang binasa mong artikulo ay argyumentativ /persweysiv. Napag-aralan mo na ito noong unang markahan. Natatandaan mo ba kung ano ang depinisyon nito? Balikan mo. Ang **tekstong argyumentativ/persweysiv** ay naglalahad ng panig ng isyung pinaniniwalan ng manunulat. Ito ay may layuning makahikayat at sumang-ayon ang mambabasa sa panig niya.

Siguro ay malinaw na ito sa iyo. Kung hindi, maaari mong balik-aralan ang mga katangian nito at ang paraan kung paano ito isinusulat. Ito kasi ang tekstong gagamitin natin sa leksyong ito.

Ngayon, sagutin mo ang tanong: Anu-ano ang mga patunay at palatandaang laban nga siya sa imperyalismo?

Suriin mo nang detalyado ang bawat pangungusap. Bigyan mo ng pansin ang mga salitang nakabold.

***(1)*** *Pagkaraan ng mahabang panahon ng* ***paghahari****, ng napakaraming* ***madudugo****ng digmaan, at* ***masalimuot*** *na usapang pangkapayapaan, unti-unting ibinalik ng mga imperyalista ang kalayaan ng kanya-kanyang kolonya.*

Anu-anong proseso ang pinagdaanan ng mga kolonya bago naibalik ang kanilang kalayaan? *Mahabang panahon ng paghahari, madudugong digmaan at masalimuot na usapang pangkapayapaan*, di ba? Ang mga ito ay mga susing salita (keywords) na nagbibigay ng indikasyon na **negativ ang opinyon** ng manunulat sa imperyalismo.

Sino ba naman ang makakagusto na ang bansa niya ay pagharian ng mga dayuhan, makaranas ng madudugong digmaan at mainip sa masalimuot na usapang pangkapayapaan? Wala, hindi ba?

Ang piniling mga salita ng sumulat ay may tiyak na layunin: na mainis sa imperyalismo ang mga mambabasa at pumanig sa kanyang opinyon. Kinukuha niya ang loob ng kanyang mga mambabasa nang hindi niya kailangang sabihin nang tuwiran.

Basahin mo ang kasunod na pangungusap.

*(**2**) Ngunit, hanggang sa kasalukuyan ay makikita at mararamdaman pa rin ang impluwensya ng kulturang Europeo sa Asya.*

Isinunod niya sa naunang pangungusap na nagsasabing ibinalik nila ang kalayaan*, ngunit makikita at mararamdaman pa rin ang impluwensya nila. Samakatwid, sinasabi niyang hindi tuluyang nakalaya ang mga kolonya sa mga* imperyalista. Ito ay isang panibagong pagpapatibay sa opinyong nais niyang panigan ng mga mambabasa- ang pagiging **negativ** sa imperyalismo.

Lalo pa itong pinatibay ng ikatlong pangungusap. Basahin mo.

*(**3**)Higit pa rito, ang tuwiran at di-tuwirang panghihimasok sa ekonomiya ng ibang malalaki at makakapangyarihang bansa sa mga mahihina at maliliit ay siyang mahigpit na tinututulan ng mga mamamayan ng kolonya.*

Gumamit ang manunulat ng *higit pa rito*, upang sundan ng mas matibay na patunay ang kanyang punto-na ang *panghihimasok ay mahigpit na tinututulan*, pagkatapos ay ginamit niya ang

opinyon ng mga *mamamayan ng kolonya.* Unti-unti ay nadevelop niya ang kanyang panig sa isyu sa pamamagitan ng pangangatwiran. Kasabay nito, unti-unti ring **nahihikayat ang mga mambabasa na pumanig sa kanyang opinyon.**

Pansinin mo ang ikaapat na pangungusap.

*(**4**)Ayon sa kanila, ang ganito ay lalong nagpapahirap sa mga bansang Asyano.*

Ano ang paraang ginamit niya sa pangungusap na ito? Tama. Nagbigay siya ng isang halimbawang dahilan kung bakit umaayaw ang mga mamamayan sa imperyalismo. Ang palatandaang ginamit ay ang pariralang *ayon sa kanila*, saka isinunod ang *lalong nagpapahirap sa mga bansang Asyano.* **Nagpatibay ito sa opinyong hindi dapat sang-ayunan ang imperyalismo.**

Heto naman ang ikalimang pangungusap. Basahin mo.

*(**5**) Sa kabila nito, sinasabi ng mga imperyalista na kailangang-kailangan sila ng mga maliliit na bansa*.

Ano ang naramdaman mo? Nainis ka ba nang mabasa mo ang pangungusap? Marahil. Ito ang intensyon ng pangungusap na ito- makaramdam ng **pagkainis** ang mambabasa. Paano ginawa? Matapos na ilahad ang negativ na epekto ng imperyalismo ay saka ipinasok ang ideyang *kailangang-kailangan ng mga kolonya ang mga imperyalista.* Ito ay tuwirang pagsalungat sa mga naunang inilahad. Paraan ito ng manunulat upang higit na makuha ang damdamin ng mambabasa.

Sa wakas ng talata ay mababasa ang ganito:

*(**6**)Sa ngayon, karaniwan nang makikita ang mga pagmamartsa sa lansangan, dala ang mga plakard na may nakasulat na: IBAGSAK ANG IMPERYALISMO! IBAGSAK ANG MGA IMPERYALISTA!*

Wala mang tuwirang pagpanig na ipinahayag ang manunulat ay malinaw ang kanyang pahiwatig: hindi maganda ang imperyalismo kaya dapat lang na huwag itong tangkilikin.

Anu-anong mga salita ang ginamit niya upang maiparating ang mensaheng ito? Tama ka. *Sa ngayon*, indikasyon ito na **patuloy ang pagtutol sa imperyalismo**. Ang dalawang beses na paggamit ng salitang *IBAGSAK* na kinuha niya sa mga nabasa sa plakard ng mga nagpoprotesta ay nagdagdag pa upang higit na mabigyang-diin ang kanyang aktwal na intensyon.

Ano ang napansin mo sa mga salitang nakabold tulad ng **madudugo, masalimuot, mahabang panahon, ibagsak** at **panghihimasok**? Mabibigat ang dating ng mga salita, hindi ba? Ginamit ito sa tiyak na sitwasyon o isyung tinalakay upang ipakita ang aktwal na intensyon ng manunulat. May mga tiyak na gamit ang mga ito upang maipakilala ang tiyak na panig ng artikulo.

Para maipakita pa nang mas malinaw ang aktwal na intensyon ng isang manunulat, mahalagang malaman kung paano maaaring bigyan ng kahulugan ang mga salita / pangungusap na gagamitin.

**Mga Paraan ng Pangpapakahulugan sa Salita at Pangungusap**

Narito ang iba't ibang paraan ng pagpapakahulugan sa salita at pangungusap. Nagagawa ito sa pamamagitan ng paggamit ng mga palatandaan. Isa-isahin mong suriin ito.

⇨ 1. Pag-uugnay sa sariling karanasan

Ginagamit ang mga pariralang tulad ng: *batay sa aking karanasan*, *noong ako ay bata pa*, *habang ako ay naglalakad/nakaupo*, *mula sa aking pagkamusmos, sa aking obserbasyon/pagmamasid., nasaksihan ko* at iba pang kapareho nito. Binibigyang-diin ng manunulat ang personal na karanasan bilang isang matibay na patunay sa kanyang argumento.

Halimbawa: a. **Nasaksihan ko** ang napakasamang epekto ng paggamit ng bombang atomiko noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

b. **Mula sa aking kinatatayuan**, **kitang-kita ko** nang laitin ng isang Amerikano ang isang Pilipinong manggagawa.

Sino pa ba ang maaaring magpatunay sa isang ideya o pangyayaring naranasan mismo ng sarili?  Di ba ang sarili mismo? Kaya napakaepektibong paraan ito ng pagpapakahulugan sa mga salitang ginamit sa paglalahad, hindi ba?

Tingnan mo ang ikalawa.

⇨ 2. Ayon sa sitwasyong pinaggagamitan

Ang mga salita ay binibigyang-kahulugan  ayon sa sitwasyong kinapapalooban. Mahalaga ito sa pagsulat ng mga tekstong argyumentativ. Maaaring ito ay literal o kontekstwal. Literal kung ito ay tuwiran at hindi pagpapahiwatig ng iba pang kahulugan.Kontekstwal naman kung ito ay may natatagong kahulugan ayon sa pagkakagamit.

Halimbawang Literal: a. Kapuri-puri ang ginawang pagpapatalsik ng pamahalaan sa mga base militar ng Amerikano sa Pilipinas. **Malaya na ang mga Pilipino**!

Halimbawang Kontekstwal: b. Kapuri-puri ang ginawang pagpapatalsik ng pamahalaan  sa mga base militar ng Amerikano sa Pilipinas. **Hayun, namamalimos na naman ang mga Pilipino!**

Ano ang kaibahan ng gamit ng iisang pahayag sa dalawang sitasyon? Tama ka. Ang una ay positiv. Kinumpirma ito ng ikalawang pangungusap na kasunod nito. Samantala, ang ikalawa ay negativ ang dating. Satiriko ang tawag dito. Pinatunayan ito ng sumunod na pangungusap na nagsasabing: *namamalimos na naman ang mga Pilipino.*

Ngayon, suriin mo naman ang ikalawang halimbawa:

Ang Europa ay lupain ng mga imperyalista.

Paano inilarawan ang Europa sa unang halimbawa? Tama, lupain ng mga imperyalista. Nangangahulugan ito ng mananakop o konkistador, kung titingnan sa diksyunaryo. Gayundin marahil ang kahulugan kung gagamitin sa pagtatala ng kasaysayan. Samantala ang konotasyon nito ay maiiba kung gagamitin ito sa panunuligsa. Maaring mangahulugan ito ng pagiging mapang-abuso o mapagsamantala o kaya ay magnanakaw. Kaya nga ang pagpapakahulugan ng salita ay nakadepende rin sa sitwasyong pinaggagamitan. Nakuha mo ba? Marahil. Kung hindi, balikan mo ang paliwanag.

⇨ 3. Sa pamamagitan ng pahiwatig na tono

Ang tono o himig ng salita ay nagpapabagu-bago sa kahulugan ng salita. Dahil ang aralin mo ay pagbasa at pagsulat, nakakatulong nang malaki ang paggamit ng bantas upang mailahad ito.

Pansinin mo ang mga halimbawang ito:

a. Isulong ang imperyalismo**!**
b. Isulong ang imperyalismo**?**
c. Isulong ang imperyalismo**…**

Ano ang napansin mo sa unang pangungusap? Maigting ang damdaming ipinahahayag, di ba? Nagawa ito ng bantas na **tandang padamdam**. Sa ikalawa? May pag-aalinlangan marahil dahil nagtatanong. Ginamitan naman ito ng **tandang pananong**. Ano naman ang masasabi mo sa ikatlo? Tama, **tuldu-tuldok** ang bantas na ginamit. May pagdaramdam siguro, nalulungkot o di kaya ay iba pang damdaming ibig ipahatid.

Maaari ring gamitin ang iba pang mga bantas. Pwede ka ring mag-eksperimento sa paggamit ng kumbinasyon nito.

Sige, pag-aralan mo naman ang kasunod.

⇨ 4. Batay sa Mambabasa

Sa paggamit /pagpapakahulugan ng salita ay dapat ding bigyan ng konsiderasyon ang mambabasa. Kunin mo ang isang pangungusap na ginamit sa artikulong binasa.

Halimbawa: Ang malaking bahagi ng Asya ay dumanas ng marahas na pananakop at pagkontrol ng imperyalismo ng mga taga-Europa.

Ano kaya ang kahulugan nito kung ang babasa ay mga **Europeo**? Marahil ang dating sa kanila ay nakasasakit kaya magagalit sila, hindi ba?

Kung ang mga **taga-Asya** naman ang babasa? Sasang-ayon sila marahil, lalo na ang mga nakaranas ng lupit ng mga kolonisador. Kung isang **grupo kaya ng mga rebelde** na may matinding malasakit sa pulitika ang makabasa? Maaaring lalong sumiklab ang kanilang damdaming rebolusyunaryo.

Ganoon ang puntong ipinaliliwanag ng bahaging ito. Ang pagpapakahulugan sa salita ay depende sa babasa o makikinig nito. Kaya nga mahalagang malaman kung sino ang mambabasa bago sumulat ng tekstong argyumentativ at persweysiv.

Magpatuloy ka.

⇨ 5. Batay sa panahon, pook at oryentasyon ng babasa

Nararapat ding ikonsidera ang panahon at pook na paggagamitan. Narito pa ang isang bahaging hango sa binasa mong teksto.

Halimbawa: Ibagsak ang Imperyalismo!

Ibagsak ang Imperyalista!

Kung narinig mo ito sa panahon ng pananakop noong **ika-16 na siglo at Pilipino kang nasa Europa**, ano kaya ang pagpapakahulugan mo rito? Pagtuligsa, o pagpanig? Maaari sigurong mainis ka at sabihin mong sinisiraan lamang ang mga Europeo o siguro ay sasang-ayon ka, di ba?

Kung ikaw naman ay isang **Pilipinong nasa Pilipinas sa kasalukuyang panahon**, ano naman ang magiging interpretasyon mo rito? Iba-iba rin siguro, depende kung ano ang iyong oryentasyon. **Kung kasama ka sa mga maka-kaliwa,** tiyak, sasang-ayon ka! Kasi, iyon ang iyong ipinaglalaban. **Ikaw, ngayon bilang isang estudyante**, ano ang pakahulugan mo rito? Marahil, nag-aalinlangan ka, nagtatanong at humahanap ng kasagutan kaya pag-aaralan mo muna ito. Ganoon nga ang dapat. Unawain muna ang mga bagay-bagay, bago ka magbigay ng reaksyon.

Sa puntong ito, magkaiba ang panahon, pook at oryentasyon kaya magkaiba rin ang pagpapakahulugan sa salita at pangungusap.

Naunawaan mo? Sige ipagpatuloy mo.

Natapos mo nang pag-aralan ang mahahalagang kaalamang dapat mong tandaan sa pagsulat ng tekstong argyumentativ/persweysiv. Ito ay ang paggamit ng mga salitang nagpapahayag ng aktwal na intensyon at mga paraan ng pagpapakahulugan ng mga salita. Sa pagbuo ng mga pangungusap at talata, lagi mo ring tatandaan na ang paghahanay nito ay dapat na maayos at lohikal. Dapat na magkakaugnay ang mga ideya at pangungusap upang malinaw na madevelop ang paksa.

Subukin mong gamitin ang iyong napag-aralan.

**Gamitin**

Gawain 1: Tukuyin ang aktwal na intensyon ng mga sumusunod na teksto. Bigyan ng pansin ang mga salitang nakabold. Titik lamang ang isagot.

1. Ang mga bansang Asyano ay **kayang-kayang tumayo sa sariling mga paa**. Bukod sa **masisipag ang mga mamamayan**, talaga namang napakayaman ng mga bansang ito sa ibat’ ibang hilaw na materyal. **Matitiyaga sila at handang magbanat ng buto** upang umunlad ang buhay.

Ang teksto ay may intensyong :

a. tuligsain ang mga katangian ng mga Asyano.
b. pangaralan ang mga mamamayan tungkol sa pagsasarili.
c. paniwalain ang mga mambabasa sa kakayahan ng mga Asyano.
d. purihin ang likas na yaman na taglay ng mga bansang Asyano.

2. Noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ginamit ng Japan ang hukbong militar nito na tinawag nilang Japanese Imperial Army. **Napakalupit at napakarahas ng hukbong ito**. Ibinilang ang bansang ito na isa sa mga *super powers* ng mundo noon. Naniwala ang mga Hapones na ang Asya ay para sa mga Asyano lamang, kaya pati ang Pilipinas ay dinigma nila. Hindi malilimutan ng mga Pilipino ang mga **kasawiang dinanas nila sa kamay ng mga Hapones**. **Walang awa nilang pinagpapatay ang mga kawawang sibilyan** nang patapos na ang digmaan.

   Ang teksto ay may intensyong bigyang-diin:

   a. ang kalupitan ng mga Hapones.
   b. ang paninindigan ng Japan.
   c. ang pag-ayaw sa digmaan.
   d. ang pagmamalaki na ang Japan ay nakikidigma.

3. Sa aking palagay, ang imperyalismo ng Europa ay hindi nangibabaw sa Asya, **kung noon pa lamang ay may sapat nang kaalaman ang mga Asyano sa industriya**. **Kung matatag sana ang ekonomiya at liderato ng mga bansa**, hindi magkakaroon ng pagkakataon ang mga Europeo na maghari. **Sa kasamaang-palad, nahuli ang Asya** sa modernong takbo ng daigdig na tinatawag na sibilisasyon.

   Ito ay may intensyong:

   a. ipagtanggol ang mga imperyalista sa ginawang pananakop.
   b. maliitin ang kakakayahan ng mga Asyano.
   c. sisihin ang mga Asyano sa nangyaring pananakop ng mga Europeo.
   d. magpaliwanag kung bakit naging kolonya ang mga bansang Asyano.

**4.** Ang mga Europeo raw ang nagdala ng sibilisasyon sa Pilipinas. **Malaking kasinungalingan!** May sarili nang kabihasnan ang bansa nang dumaong ang kanilang barko sa dalampasigan ng bansa. **Sila ay mga pangahas na nanghimasok sa pamumuhay ng mga katutubong Pilipino!**

   Naglalahad ito ng intensyong:

   a. magpagalit. c. mambigla.
   b. magpahanga. d. magpatawa.

**5.** **Tama nga na ang mga Pilipino ay matatalino at malikhain**. Sino nga ba ang umimbento ng fluorescent lamp? Si Agapito Flores, di ba? Ng lunar Rover? Si San Juan, tama? Ng tintang Quink? Syempre, si Quisumbing. Ano ang pagkakapareho nila? Sila ay mga Pilipino! Marami pang ibang mga Pilipinong imbentor na nasa iba't ibang panig ng mundo. **Kahit saan mo sila dalhin at kahit na ano pa ang gawain, tiyak na mangingibabaw sila! Katangi-tangi ang lahing Pilipino!**

Intensyon ng talata na:

a. hikayating mag-imbento ang mga Pilipino.
b. magpakita ng pagmamalasakit sa bayan.
c. ipagyabang ang mga Pilipinong imbentor.
d. ipagmalaki ang mga katangian ng mga Pilipino.

Ihambing mo rito ang iyong sagot.

1. C
2. A
3. D
4. A
5. D

Kumusta? Tama ba ang mga sagot mo? Kung hindi, balikan mo muna ang aralin.

**Gawain 2:**

Lagyan ng tsek (/) ang kahon kung angkop ang mga pangungusap sa aytem at (X) kung hindi.

1. Batay sa sariling karanasan
   - ☐ Nobserbahan ko sa sa ibang bansa ang pagsisikap ng mga manggagawang Pilipino.
   - ☐ Sabi nila, ang paggawa sa pabrika sa Singapore ay napakahirap!
   - ☐ Naging sandata ng mga manggagawa ang kaalaman, kasanayan at karanasan… tulad ng nangyari sa akin.

2. Batay sa tono o himig

   Ang sumusunod ay nagpapahayag ng galit o paghihimagsik ng kalooban.
   - ☐ Anong solusyon pa ang hinihintay natin?
   - ☐ Katarungan ang kailangan ng mga inaping Pilipino!
   - ☐ Sinungaling!

3. Batay sa mambabasa

   Sa isang pagtitipon ng mga Pilipinong manggagawa tungkol sa usaping pang-ekonomiya.
   - ☐ Magtipon tayo ng lakas upang labanan ang krisis ng bansa.
   - ☐ Magtayo ng kahit na maliliit na negosyo upang makatulong sa suliraning pang-ekonomiya.
   - ☐ Ang mga gawang sining ng artistang Pilipino ay kahanga-hanga!

4. Batay sa panahon at lokasyon

   Sa isang forum ng mga estudyante sa loob ng kampus tungkol sa isyung *dapat ba o hindi dapat na pagsuutin ng uniporme ang mga mag-aaral sa hayskul.:*
   - ☐ Ang pagsusuot ng uniporme ay isang hakbang para makatipid.
   - ☐ Napakasama ng mga taong nabubuhay sa pawis at dugo ng iba.
   - ☐ Dapat lang na matiyak ang seguridad sa loob ng kampus kaya mag- uniporme tayong lahat!

5. Ayon sa sitwasyong pinaggagamitan

   Ang mga sumusunod ay may kahulugang literal:

   - ☐ Napakahusay ng mga Europeo! Nauna sila sa pag-imbento ng sari-saring makinarya.
   - ☐ Napakahusay ng mga Europeo! Mahabang panahon nilang inangkin ang mga lupaing hindi kanila.
   - ☐ Napakahusay ng mga Europeo! Nagmula sa kanilang lahi ang sari-saring imbensyon sa Syensya.

Ikumpara rito ang iyong sagot.

1. ☐ ☐ ☐
2. ☐ ☐ ☐
3. ☐ ☐ ☐
4. ☐ ☐ ☐
5. ☐ ☐ ☐

**Gawain 3**

Sumulat ng isang tekstong argyumentativ, gamit ang mga sumusunod na gabay. Maaaring umisip ng paksang higit mong naiibigan o pumili sa nakatala sa ibaba. Ipatsek sa iyong guro. May katumbas itong 20 puntos.

*Panonood ng Anime: Nakaaapekto o Hindi sa Diwang Nasyunalistiko ng mga Kabataan?*

*Panghihimasok ng Amerika sa Suliraning Panloob ng Ibang Bansa: Dapat ba, o Hindi?*

*Paglalaro ng Video Games: Nagpapahina ng Kakayahan ng mga Estudyante na Makapag-aral na Mabuti*

__________________________________________
(Pamagat)

Tatalakayin ko rito ang ________________________________(Banggitin ang paksa). May dalawang panig ito: __________________________________(una) at ______________________________________________________ (ikalawa). Naniniwala akong _____________________________________ (Ang iyong panig)

Narito ang aking mga patunay. Una, ______________________________________

__________________________________________________.(Ilahad ang pangunahing katangian o kagalingan kung bakit ito ang iyong pinanigan.) Nasabi ko ito dahil ___

______________________________(Ipaliwanag ang unang patunay sa pamamagitan ng mga piling salitang maglalarawan dito.). Ikalawa, ___________________________

____________________________________________________________. (Ilahad ang ikalawang patunay. Maaari ring magbanggit ng personal na karanasan).

_________________________________________ (Dugtungan ng mga pangungusap na magbibigay ng halimbawa sa ikalawang patunay.)

__________________________________________________________________________

At sa huli, ____________________________________________ (Ang ikatlong patunay at mga ebidensyang susuporta rito. Banggitin din ang epekto o resulta ng panig kung bakit kailangang sang-ayunan ito ng mga mambabasa.)

Bilang konklusyon, masasabi kong ______________________________________ (Panghuling paliwanag at depensa, gayundin ang mga benepisyong makukuha ng pangkalahatan kung ito ay papanigan). Kaya, naninindigan akong _________________________

__________________________________________________________________________

___________________________________________ (Pagbibigay-diing muli sa iyong panig).

- Ang mga sagot ay depende sa piniling paksa ng mga mag-aaral. Ang guro ang magwawasto ng isinulat na tekstong argyumentativ. sa tulong ng patnubay na format. May katumbas itong 20 puntos.

**Lagumin**

Natapos mo nang pag-aralan ang paggamit ng mga salita/pangungusap na nagpapakilala ng aktwal na intensyon. Balikan ang ilang mahahalagang impormasyong dapat mong tandaan.

1. Mahalagang maunawaan at mabalik-aralan muna ang mga katangian at paraan ng pagbuo ng tekstong argyumentativ/persweysiv.

2. Ang tekstong argyumentativ/persweysiv ay naglalahad ng panig ng isyung pinaniniwalaan ng manunulat. Layunin nitong mahikayat ang kanyang mga mambabasa na sumang-ayon sa pinaninindigan niyang panig.

3. Sa paglalahad ng panig ng manunulat, mahalagang gumamamit ng mga salita/pangungusap na naglalahad ng aktwal na intensyon. Dapat na maging konsistent ang paggamit ng mga salita sa presentasyon upang mapalitaw ang tunay na intensyon ng tekstong isusulat.

4. Pinipiling mabuti ang mga salita at pangungusap na ginagamit at ibinabagay ito sa paksang pinapanigan ng manunulat. Tandaan din na ang ayos at paghahanay ng mga ideya ay nararapat na lohikal. Ang ibig sabihin, magkakaugnay-ugnay ang bawat kaisipang inilalahad.

5. May iba't ibang paraang ginagamit sa pagpapakahulugan ng salita tulad ng:

   - ❖ Pag-uugnay sa sariling karanasan
   - ❖ Ayon sa sitwasyong pinaggagamitan
   - ❖ Sa pamamagitan ng pahiwatig at tono
   - ❖ Batay sa mambabasa
   - ❖ Batay sa panahon, lokasyon at oryentasyon ng babasa

**Subukin**

A. Tukuyin ang aktwal na intensyon ng mga sumusunod na teksto. Bigyan ng pansin ang mga salitang nakabold. Titik lamang ang isagot.

1. Sa ilalim ng pamamalakad ng mga imperyalista, ang ekonomiya ng mga bansang nasasakop nila ay **permanenteng nakasalalay sa mga Kanluranin**. Sila ay may **konsayment na maging *producers lamang* ng mga hilaw na produkto na ipoproseso sa Europa**. Mayroon ding **diskriminasyon sa pagtrato sa mga pamilihang pandaigdig** laban sa mga bansang may mahinang kalagayang pinansyal.

Ito ay may intensyong ipakita na:
a. masisipag ang mga mamamayan ng kolonya.
b. lagi nang kailangan ng mga Europeo ang mga hilaw na produkto.
c. mahihirapang umangat ang ekonomik status ng mga kolonya.
d. mahusay ang pamamalakad ng mga imperyalista.

2. Isang malaking **hamon sa mga kolonya** ang naging karanasan nila sa ilalim ng pamamahala ng mga imperyalista. **Papayagan ba nilang magpatuloy ang *namanang* pang-aalipin**, o matututo silang maging malaya? Masasanay ba silang magdesisyon para sa sarili o **lagi na lamang aasa sa ididikta ng iba**? **Tapos na ang panahon ng imperyalismo!**

Sa kabuuan, ang teksto ay may intensyong:
a. panigan ng mga kolonya ang mga kolonisador.
b. sisihin ang mga kolonya sa kanilang kalagayan.
c. pag-isipin ang mga kolonya at tulungan silang magdesisyon.
d. kumbisihin ang mga mamamayan na makuntento na lamang.

3. **Hindi totoo**ng ang mga bansa sa Asya ay hindi uunlad kung walang kolonyalismo. Kung ito ay totoo, may mali sa iba pang mga bansa sa daigdig na umunlad na ngunit hindi kailanman nasakop. Kung ikukumpara sa mga bansa sa Africa, **di hamak na naunang umunlad sa larangan ng edukasyon at teknolohiya ang mga bansang Asyano**. Dito malinaw na makikita na ang mga Asyano ay **may komitment sa kaunlarang panlipunan at pang-ekonomiko.**

Intensyon ng tekstong ito na patunayang:

a. may sariling kakayahan ang mga bansang Asyano.
b. magaling ang mga imperyalistang Europeo.
c. ang kolonyalismo ay isang pangangailangan sa mga Asyano.
d. mali ang direksyon ng pag-unlad ng mga bansang di nasakop.

4. Ang paghahangad ng mga Pilipino na magtrabaho sa ibang bansa ay indikasyon ng masamang epekto ng kolonyalismo. Sa loob ng mahabang panahon ng pagkakasakop, **tumatak na sa kanilang isipan na ang mabubuti at mahuhusay na uri ng pamumuhay ay matatagpuan sa labas ng bansa**. Bunga nito, **nauubos ang suplay ng Pilipinas ng mga manggagawang may mataas na kasanayan sa iba't ibang larangan.** Dahil dito, naaapektuhan ang ekonomiya ng bansa. **Patuloy ang pagbaba ng uri ng pamumuhay ng mga Pilipino**. Samakatwid, may masamang naging epekto ang kolonyalismo sa Pilipinas.

Intensyon ng talata na:

a. patunayan ang likas na paghahangad ng mga Pilipino na mangibang-bansa.
b. ilahad ang dahilan kung bakit may kolonyalismo.
c. ipagtanggol ang kahinaan ng mga Pilipino.
d. isa-isahin ang masamang epekto ng kolonyalismo sa Pilipinas.

5. Maraming motibo ang kolonyalismo. Maaaring ito ay nakatago sa pangalan ng relihiyon, kultura, prestihiyo, ekonomiks at/o sobrang populasyon. Lagi nang ang motibo ay pumapabor sa mga kolonisador. Hindi dapat maniwala ang anumang kolonya na ang motibo ng mga mananakop ay upang pabutihin ang kanilang kalagayan! **Hindi kailanman mangyayari ang ganoon!**

Matibay ang intensyon ng teksto na patunayang:

a. may benepisyong nakukuha ang mga kolonya sa mga kolonisador.
b. may iba pang mga motibo ang mga mananakop.
c. walang ibang nais ang mga kolonisador maliban sa pangalagaan ang kanilang interes.
d. laging umaasa sa mga imperyalista ang mga kolonya.

B. Lagyan ng tsek (/) ang kahon kung angkop ang mga pangungusap sa aytem at (**X**) kung hindi.

1. Batay sa mambabasa

   Isang ama ang naimbitahang magbigay ng kanyang panig tungkol sa isyu ng paglalaro ng video games ng mga kabataan. Ang tagapakinig ay ang mga kabataan mismo.

   ☐ Dapat na ipagbawal ang pagbubukas ng mga *video shops* sa mga araw na may pasok ang mga estudyante. Sang-ayon ka ba rito?

- Masasabi ba ninyo kung ano ang masamang epekto ng paglalaro ng video games?
- Bukod sa uri ng pananamit ng mga kabataan ngayon, nakakagulat din ang lenggwaheng inyong ginagagamit.

2. Batay sa panahon, pook at oryentasyon ng babasa

Panahon ng kalamidad, katatapos ng mapangwasak na tsunami sa iba-ibang bansa sa Asya. Ang mambabasa ay isang Katolikong Pilipinong may lubos na pananalig sa Diyos. May anak siya sa naapektuhang lugar sa Thailand. Nabasa niya ang ganito:
**Marami pang mga katawang hindi natatagpuan hanggang sa kasalukuyan. Tatapusin na ang paghahanap sa araw na ito.**

Ang kanyang pagpapakahulugan ay posibleng:
- Wala nang pag-asa pang makita pa ang nawawalang kamag-anak.
- Buhay pa ang kanyang anak, hindi siya pababayaan ng Diyos.
- Napakalala na ng sitwasyon at sumuko na ang mga *rescuers*.

3. Ayon sa sitwasyong pinaggagamitan

Mainit ang sitwasyon, nagrerebelde ang kalooban ng mga mamamayan dahilan sa krisis na pang-ekonomiya. Mataas ang mga bilihin lalo na ang pagkain at gamot. Sinundan pa ng pagpapataw ng sarisaring tax, hindi naman tumataas ang sweldo ng mga manggagawa. Dagdag pa rito ay laman ng mga balita ang laganap na korapsyon ng mga opsiyal ng pamahalaan. Anu-ano ang posibleng pagpapakahulugan nila sa pahayag na ito: **Kawawa naman ang pamahalaan. Walang pondo. Magtipid tayo upang maisalba ang Pilipinas. Maging matapat sa pagbabayad ng buwis**.

- Talagang kawawa ang pamahalaan, tulungan natin ito.
- Isang pagsasamantala ang nangyayari at lalong iinit ang sitwasyon.
- Marami ang mahihikayat na magrebolusyon.

4. Kung ang sitwasyon sa ikatlong bilang ay ganito: Payapa ang pamumuhay, sapat ang sweldo ng mga mamamayan sa kanilang mga pangangailangan. Maraming mga pagawaing-bayan at talagang nakikinabang sila sa tamang tax na kanilang ibinabayad. Tapat sa paglilingkod ang mga opisyales ng pamahalaan. Kaya lamang ay talagang nagipit sa pangangailangang pinansyal ang pamahalaan
kaya nanawagan: **Kawawa naman ang pamahalaan. Walang pondo. Magtipid tayo upang maisalba ang Pilipinas. Maging matapat sa pagbabayad ng buwis**.

Posibleng ang pagpapakahulugan nila ay:
- Kailangan talagang tulungan ang pamahalaan.
- Maging mas masipag at maging matapat sa mga responsibilidad.
- Magrebelde dahil pabaya ang pamahalaan.

5. Sa pamamagitan ng pahiwatig na tono

**Nakatatawang tingnan na ang lahat ay nagsasaya habang ang mga biktima ng tsunami ay nandoon at nagdurusa.**

Ang pahayag ay nagpapahiwatig ng:
- ☐ paghanga sa kakayahan ng mga biktima.
- ☐ panawagang makisimpatya sa sinapit ng mga biktima.
- ☐ pagkaawa sa mga biktima ng kalamidad.

C. Sumulat ng isang tekstong argyumentativ, gamit ang mga sumusunod na gabay. Maaaring umisip ng paksang higit mong naiibigan o pumili mula sa nakatala sa ibaba. Ipagpalagay na ang mambabasa ay isa ring kabataang tulad mo. Ipatsek sa iyong guro. May katumbas itong 20 puntos.

*Pagtangkilik sa Tele-Novela ng Ibang Bansa: Tanda ng Kawalan ng Nasyonalismo ng mga Pilipino?*

*Pagtangkilik sa Produkto ng Ibang Bansa, Dapat Ipagbawal!*

*Pagtatayo ng Sariling Negosyo: Imposible sa mga Mahihirap*

____________________________________________
(Pamagat)

Tatalakayin ko rito ang ___________________________________(Banggitin ang paksa). May dalawang panig ito: _____________________________________(una) at ___________________________________________________________________ (ikalawa). Naniniwala akong ________________________________________ (Ang iyong panig) Narito ang aking mga patunay. Una, __________________________________________ __________________________________________________.(Ilahad ang pangunahing katangian o kagalingan kung bakit ito ang iyong pinanigan.) Nasabi ko ito dahil __________________ ______________________________ Ipaliwanag ang unang patunay sa pamamagitan ng mga piling salitang maglalarawan dito.). Ikalawa, _______________________________________________ ____________________________________________________________. (Ilahad ang ikalawang patunay. Maaari ring magbanggit ng personal na karanasan). ______________________________ __________________________________________ (Dugtungan ng mga pangungusap na magbibigay ng halimbawa sa ikalawang patunay.) _________________________________________________ _____________________________________________________________________________

At sa huli, _____________________________________________ (Ang ikatlong patunay at mga ebidensyang susuporta rito. Banggitin din ang epekto o resulta ng panig kung bakit kailangang sang-ayunan ito ng mga mambabasa.)

Bilang konklusyon, masasabi kong _____________________________________ (Panghuling paliwanag at depensa, gayundin ang mga benepisyong makukuha ng pangkalahatan kung ito ay papanigan). Kaya, naninindigan akong ________________________ _________________________________________________________________________ ___________________________________________ (Pagbibigay-diing muli sa iyong panig).

Ihambing mo nga ang iyong sagot rito.

A.

1. C     2. C     3. A     4. D     5. C

B.

1. ☐ ☐ ☐

2. ☐ ☐ ☐

3. ☐ ☐ ☐

4. ☐ ☐ ☐

5. ☐ ☐ ☐

B. Ang mga sagot ay depende sa piniling paksa ng mga mag-aaral. Ang guro ang magwawasto ng isinulat na tekstong argyumentativ sa tulong ng patnubay na format. May katumbas itong 20 puntos.

Kumusta? Kung hindi tama ang lahat ng iyong sagot, balikan mo ang bahaging Alamin. Pagkatapos, gawin mo na ang Paunlarin. Kung tama ka naman sa lahat ng aytem, tumuloy ka na sa Sub-aralin 2.

**Paunlarin**

Piliin lamang ang gawaing kailangan mo.

Gawain 1: Basahin ang teksto. Pagkatapos, suriin ang nilalaman nito. Sagutan ang mga tanong. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

*(1) Naniniwala akong ang masasaganang likas na yaman at mga hilaw na produkto, gayundin ang murang bayad sa paggawa sa Asya ay siyang naging malakas na atraksyon sa mga imperyalista na manakop. (2) Matibay itong mapatutunayan dahil nang nakita ng mga Europeo ang napakayamang lugar gayundin ang kahanga-hangang lokasyon ng Asya, naging obsesyon nilang maging kolonya ito.(3) Isang pagpapatunay rito, hinati nila ang pananakop sa mga bansang Asyano.(4) Ang totoo, naging madali para sa kanila ang magtayo ng kanilang teritoryo sa Asya. Sinakop ng Britanya ang India, Sri Lanka at Hongkong. (5)Samantala, ang Macau, Singapore, Malaya at Pilipinas ay pinagharian ng Portugal. Nasakop ng mga Dutch ang Indonesia habang ang mga Pranses ay Indo-China, Laos, Cambodia at Vietnam naman.*

1. Ang kabuuan ng teksto ay may intensyong:
   a. hikayatin ang mga mambabasa na maniwala sa sa kabutihan ng mga Europeo.
   b. ilahad ang labis na pagkagusto ng mga Europeo sa lupain ng Asya.
   c. ipakita na mahina ang pwersa ng mga bansang Asyano.
   d. mayaman din naman ang mga bansa sa Europa.

2. *Naniniwala akong ang masasaganang likas na yaman at mga hilaw na produkto, gayundin ang murang bayad sa paggawa sa Asya ay siyang naging malakas na atraksyon sa mga imperyalista na manakop.*

Sa pangungusap na ito, malinaw na makikita ang paniniwala ng manunulat na:

a. may paghahangad na kaagad ang mga imperyalista sa yaman ng mga Asyano.
b. ibig lamang ng mga imperyalista na patunayang sila ay makapangyarihan.
c. nagkaroon lamang ng paghanga sa Asya ang mga mananakop.
d. agawin lamang na alipin ng mga Europeo ang mga Asyano.

3. Matibay itong mapatutunayan dahil nang nakita ng mga Europeo ang napakayamang lugar gayundin ang kahanga-hangang lokasyon ng Asya, naging **obsesyon** nilang maging kolonya ito.

Nang gamitin ng manunulat ang salitang **obsesyon**, intensyon niyang:

a. pagaanin ang daloy ng kanyang pagtalakay.
b. patibayin ang kanyang panig sa isyu.
c. pahangain ang kanyang mambabasa sa salitang ginamit.
d. patunayang maganda ang mga bansang Asyano.

4. Ginamit ang mga pariralang: *matibay itong mapapatunayan*, *ang totoo* at *isa pang pagpapatunay* upang:
   a. maipaliwanag kung ano ang imperyalismo.
   b. matukoy ang mga suliranin sa paksa.
   c. mabigyang-diin at mapatunayan ang kanyang paniniwala.
   d. mailahad ang punto ng kabilang panig.

5. Kung tutuusin sa kabuaan, ang panig ng manunulat ay:
   a. sang-ayon sa imperyalismo.
   b. walang pakialam sa imperyalismo.
   c. laban sa imperyalismo
   d. hindi tiyak sa kanyang paninindigan.

**Gawain 2:**

Sumulat ng isang tekstong argyumentativ, gamit ang mga sumusunod na gabay. Maaaring umisip ng paksang higit mong naiibigan o pumili ng nakatala sa ibaba. Ipatsek sa iyong guro. May katumbas itong 20 puntos.

*Digmaan: Solusyon sa Sobrang Dami ng Populasyon ng Mundo*

*Malayang Kalakalan: Hadlang sa Pagsulong ng Ekonomiya ng Pilipinas*

*Paggamit ng Kompyuter: Dapat Limitrahan sa mga Estudyante*

________________________________________
(Pamagat)

Tatalakayin ko rito ang ________________________________(Banggitin ang paksa). May dalawang panig ito: _________________________________(una) at ____________________________________________________________ (ikalawa).
Naniniwala akong ____________________________________ (Ang iyong panig)
Narito ang aking mga patunay. Una, ______________________________________
______________________________________________.(Ilahad ang pangunahing

katangian o kagalingan kung bakit ito ang iyong pinanigan.) Nasabi ko ito dahil ___________________

_________________________________ Ipaliwanag ang unang patunay sa pamamagitan ng mga piling salitang maglalarawan dito.). Ikalawa, ____________________________________________________

_________________________________________________________________. (Ilahad ang ikalawang patunay. Maaari ring magbanggit ng personal na karanasan). ______________________________

_____________________________________________ (Dugtungan ng mga pangungusap na magbibigay ng halimbawa sa ikalawang patunay.) ______________________________________________________

____________________________________________________________________________________

At sa huli, _________________________________________________ (Ang ikatlong patunay at mga ebidensyang susuporta rito. Banggitin din ang epekto o resulta ng panig kung bakit kailangang sang-ayunan ito ng mga mambabasa.)

Bilang konklusyon, masasabi kong _________________________________________ (Panghuling paliwanag at depensa, gayundin ang mga benepisyong makukuha ng pangkalahatan kung ito ay papanigan). Kaya, naninindigan akong ___________________________

________________________________________________________________________________

_______________________________________________ (Pagbibigay-diing muli sa iyong panig).

Ihambing mo nga ang iyong sagot dito.

Gawain 1:

1. b 2. a 3. b 4. c 5. c

Gawain 2:

Ang mga sagot ay depende sa piniling paksa ng mga mag-aaral.Ang guro ang magwawasto ng isinulat na tekstong argyumentativ. sa tulong ng patnubay na format. May katumbas itong 20 puntos.

Marahil ay malinaw na sa iyo ang araling ito. Maaari ka nang magpatuloy sa Sub-aralin 2.

## Sub-Aralin 2

### Pagtukoy at Paggamit ng Pangatnig sa Pagbuo ng Tekstong Argyumentativ
### Pagsusuri ng Teksto Ayon sa Katwirang Inilalahad

Layunin:

1. Natutukoy ang iba't ibang uri ng pangatnig
2. Nagagamit ang mga pangatnig ayon sa daloy ng diwa ng pangungusap
3. Nakasusuri ng teksto ayon sa patunay at katwirang inilalahad

**Alamin**

Nalagay ka na ba sa sitwasyong kailangang ikaw ang magdesisyon? Marahil. Maaaring ito ay tungkol sa maliliit na bagay tulad ng: Tutuloy ba kayo sa lakad na napag-usapan, o hindi na? O kaya ay maaaring mas malalaking problema o isyu kaparis ng: Dapat bang umutang pa ulit ang Pilipinas sa World Bank?

Ano ang naramdaman mo? Siguro kinabahan ka, o kaya ay nalito. Mahirap kasing malagay sa sitwasyong posibleng makompromiso ang iyong sarili, ang iyong paninindigan o posisyon, lalo na kung hindi ka handa.

Sa araling ito, susuriin mo ang mga teksto. Timbangin mo ang mga katwirang inilahad ng dalawang panig. Pagkatapos, pagpasyahan mo: Nakabuti ba o Nakasama ang Imperyalismo sa mga Bansang Asyano?

Maaari ka nang magsimula.

**Linangin**

**ANG NEO-KOLONYALISMO SA ASYA**

Ang neo-kolonyalismo ay ang terminong ginagamit upang ilarawan ang operasyong ginagawa ng mga imperyalista matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Sinasabing ito ang ekstensyon ng kanilang paghahari sa mga mahihinang bansa upang mabigyan ang kolonya ng ilusyong sila nga ay malalaya na sa kamay mga mananakop. Sa katotohanan, ang neo-kolonyalismo ay isang panibagong anyo ng imperyalismo. Sa halip na gumamit ng direktang pulitikal at militar na pananakop, minabuti nilang gumamit ng iba-iba at hindi gaanong halatang istratehiya. Maaaring ito ay sa pamamagitan ng kapangyarihan at impluwensyang pang-ekonomiko, pinansyal at mga polisiya sa kalakalan.

Ayon sa teorya ni Karl Marx, ang mga maliliit na bansa ay nananatiling *satellite* ng mga mauunlad na nasyon sapagkat ang istraktura ng kanilang ekonomiya ay idinisenyo upang magsilbi lamang sa internasyunal na kapitalismo. Samakatwid, ito ang dahilan kung bakit may eksployteysyon ng mga likas na yaman sa mga maliliit at mahihinang bansa.

Sinasabi ng mga tagapagtanggol ng kolonyalismo na kahit ano pa ang kahinaan at pagkukulang nito, ang kolonisasyon pa rin ang nagpaliit ng ekonomik gap ng mga taga-Kanluran at mga taga-Asya. Una, ang mga Europeo raw ang nagtanim ng binhi ng pag-unlad na materyal at intelektwal sa Asya. Nagamit raw nila ang malaganap na kamangmangan. Ikalawa, napigilan daw ng kolonyalismo ang pang-aalipin at barbarikong uri ng pamumuhay tulad ng pagsamba sa mga anito. Ikatlo, natulungan daw ng formal na edukasyon at medisina ang mga katutubo na may limitadong kaalaman sa pagkontrol ng kapaligirang pisikal. Sa huli, nagkaroon din daw ng modernong uri ng komunikasyon na nagpadali sa pag-eksport ng mga produktong agrikultural. Bukod dito, nagtayo sila ng maliliit na industriya upang maging pundasyon ng pag-unlad na ekonomik. Sa kabuuan, sinasabi nilang dapat pa ngang magpasalamat sa mga kolonisador sapagkat sila ang naging *tagapagligtas* ng mga Asyano.

Mahigpit na tinutulan ng mga salungat sa kolonyalismo ang argumento ng mga tapapagtanggol. Ito raw ay *racists.* Pinanindigan nilang ang mga kolonya ay iniwan ng mga imperyalista na mas mahirap pa kaysa noong bago nila masakop. Hindi lamang ang pwersang paggawa at mga resorses ng bansa ang labis na naeksployt, minaliit pa nila ang kakayahan ng mga Asyanong madevelop ang sarili.

Higit pa rito, sa ilalim ng pamamalakad ng imperyalista, ang ekonomiya ng kolonya ay idinisenyo nilang maging dependent sa kanila. Ito lamang daw ang tanging nagawa ng mga kolonisador na hangga ngayon ay pinagdurusahan pa rin ng mga mamamayan. Isang halimbawa nito, hindi tinuruan ng mga kolonisador ang mga nasasakupan na magproseso ng kanilang mga hilaw na produkto. Sa halip, iniluluwas pa ito sa kanilang mga bansa upang doon iproseso. Samakatwid, nanatiling tagasuplay lamang ng kanilang pangangailangan ang mga mahihinang bansa. Ang mga imperyalista ang tanging nakinabang nang malaki at yumaman. Ang puhunang pawis at dugo ang tanging naiwan sa mga kolonya. Dahil dito, hindi sila kumikita nang sapat upang sumagot sa kanilang sariling ekonomiya. Dito na ngayon papasok ang pangungutang ng mga nasabing bansa upang masagutan ang kanilang pangangailangan.

Ang International Monetary Fund at World Bank ay mga organisasyong nagpapautang upang umasiste sa mahihirap na bansa subalit sa ilalim ng mga kondisyong sila rin ang nagtatakda. Ang mga kondisyong ito

ang siyang nagpapatindi ng pagiging dependent ng mga mahihirap na bansa sa mga mayayaman. Kung hindi susundin ang kanilang mga kondisyon ay hindi sila magbibigay ng tulong at pautang. Ito ang tinatawag na neokolonyalismo- ang pananatili ng paghahari ng mga imperyalista sa bansang kanilang nasakop sa pamamagitan ng hindi gaanong halatang paraan. Sa kasong ito, ang ginamit na paraan ay sa pamamagitan ng pagkontrol sa tulong na pinansyal at isyung pang-ekonomiko. Ganito ang nangyayari sa mga bansang Asyano.

Ngayon, nananatili ang tanong: Nakabuti ba o Nakasama ang Kolonyalismo sa mga Bansang Asyano?

Hayan, tapos ka nang magbasa. Kumusta? Ano nga ang dalawang panig ng argumento? Tama. Ang isa ay nagtatanggol sa kolonyalismo samantalang ang ikalawa ay salungat.

Habang binabasa mo ang artikulo, ano ang nangyayari sa isip mo? Sinuri mo at tinimbang ang mga katwirang inilahad ng dalawang panig, di ba? Nakapagpasya ka ba agad? Marahil ay hindi pa ano? Nag-iisip ka pa siguro. Maaari pa ngang naiuugnay mo ang sarili mong ideya at karanasan sa paksa habang ikaw ay nagbabasa. Tama ang proseso mong dinadaanan. Ganoon nga ang nangyayari bago ka makapagdesisyon.

Sa ganitong pagkakataon, tandaan mong hindi ka dapat maging emosyonal. Huwag kang patangay sa iyong damdamin. Lalong hindi dapat maging *bias*. Kasi kung ganito ang mangyayari sa iyo, hindi magiging objektiv ang pananaw mo. Maiimpluwensyahan nito ang iyong desisyon. Hindi maganda ang ganoon.

**Gawain 1:**

Balikan mo ang mga detalye ng dalawang panig at subuking ihanay sa dalawang kolum ang argumento nila. Tutulungan ka nitong mapag-isipang muli kung papanig ka o hindi sa isyung pinag-uusapan. Ang unang kolum ay para sa tagapagtanggol, at ang ikalawa ay para sa salungat.

| **Tagapagtanggol ng Imperyalismo** | **Salungat sa Imperyalismo** |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |

Ganito humigit-kumulang ang iyong sagot.

| Tagapagtanggol ng Imperyalismo | Salungat sa Imperyalismo |
|---|---|
| Kolonisasyon ang nagpaliit ng ekonomik gap ng mga taga-Kanluran at taga-Asya | Iniwan ng mga kolonisador ang mga kolonya na mas mahirap pa kaysa una nilang nakita |
| Sila ang nagtanin ng binhi ng kaunlarang materyal at intelektwal | Naeksployt ang pwersang paggawa at resorses ng mga kolonya |
| Napigilan ng kolonyalismo ang pang-aalipin at barbarikong uri ng pamumuhay sa Asya | Minaliit ng mga kolonisador ang kakayahan nilang madevelop ang sariling bansa |
| Nagkaroon ng modernong paraan ng komunikasyon na nagpadali ng eksportasyon ng mga produktong agrikultural | Idinisenyo ng mga kolonisador ang ekonomiya ng mga kolonya na maging dependent sa kanila |
| Nagtayo sila ng maliliit na industriya upang maging pundasyon ng pag-unlad ekonomik. | Hindi kumikita nang sapat ang mga bansa kaya kailangang mangutang sa malalaking bansa |

Matapos mong maihanay ang mga argumento, nabago ba ang iyong desisyon? Maaaring oo. Maaaring hindi. Pero hindi iyon ang importante. Ang mahalaga ay nakita mo nang malinaw ang dalawang panig. Sinuri mo muna at tinimbang ang mga patunay at katwiran bago ka nagpasya . Anuman ang iyong desisyon ay dapat na irespeto. Ganoon din ang dapat mong maging gawi sa iba. Maaaring magkaiba kayo na panig o pananaw, pero hindi dahilan iyon para mag-away. Paliwanagan lang.

Tingnan mo naman ngayon ang mga salitang ginamit sa argumento. Basahin mong muli ang talatang ito. Bigyang-pansin ang mga salitang nakabold.

*Mahigpit na tinutulan ng mga salungat sa kolonyalismo ang argumento ng mga tapapagtanggol. Ito raw ay racists. Pinanindigan nilang ang mga kolonya ay iniwan ng mga imperyalista na mas mahirap pa kaysa noong bago nila masakop. Hindi lamang ang pwersang paggawa at mga resorses ng bansa ang labis na naeksployt* ***bagkus*** *minaliit pa nila ang kakayahan ng mga Asyanong madevelop ang sarili.* ***Higit pa rito****, sa ilalim ng pamamalakad ng imperyalista, ang ekonomiya ng kolonya ay idinisenyo nilang maging dependent sa kanila. Ito lamang daw ang tanging nagawa ng mga kolonisador na* ***hangga ngayon*** *ay pinagdurusahan pa rin ng mga mamamayan. Isang halimbawa nito, hindi tinuruan ng mga kolonisador ang mga nasasakupan na magproseso ng kanilang mga hilaw na produkto.* ***Sa halip****, sa pinagmulang bansa gawin, iniluluwas pa ito sa kanilang mga bansa upang doon iproseso.* ***Samakatwid****, nanatiling tagasuplay lamang ng kanilang pangangailangan ang mga mahihinang bansa. Ang mga imperyalista ang tanging*

*nakinabang nang malaki at yumaman. Ang puhunang pawis at dugo ang tanging naiwan sa mga kolonya.*

Ano ang napansin mo sa mga salitang nakabold? Tama, nag-uugnay ito ng mga kaisipan. Kung wala ang mga salitang ito, magiging malabo at sabog ang paglalahad, malabo ang kahulugan, di ba?

Suriin mo ang pangungusap na ito:

- *Hindi lamang ang pwersang paggawa at mga resorses ng bansa ang labis na naeksployt* **bagkus** *minaliit pa nila ang kakayahan ng mga Asyanong madevelop ang sarili.*

Pinag-ugnay ng **bagkus** ang dalawang kaisipang nakaitaliks, di ba? Paano? Ipinakita nito ang kaugnayan ng labis na eksploytasyon sa paggawa at resorses ng bansa ng mga kolonisador, at ang ideyang hindi pa sila nasiyahan doon- minaliit pa ang kakayahan ng mga Asyano.

Pansinin na ang mga ideya ay may layuning buuin ang argumentong sumasalungat sa kolonyalismo. Tingnan mo ang ikalawang pangungusap:

- **Higit pa rito**, sa ilalim ng pamamalakad ng imperyalista, ang ekonomiya ng kolonya ay idinisenyo nilang maging dependent sa kanila.

Ano ang masasabi mo rito? Kadugtong ito ng ideya ng unang pangungusap na nagpapatibay sa masasamang epekto ng imperyalismo, hindi ba? Pinagdugtong ito ng pang-ugnay na **higit pa rito** na nangangahulugan ng karagdagang patunay.

Narito ang kasunod na pangungusap:

- Ito lamang daw ang tanging nagawa ng mga kolonisador na **hangga ngayon** ay pinagdurusahan pa rin ng mga mamamayan.

Bakit ginamit ang **hangga ngayon**? Tama, upang ipakita ang naging bunga ng ginawa ng mga kolonisador na maging dependent sa kanila pati ang ekonomiya- na sinasabing hanggang sa kasalukuyan ay nagdurusa ang mga mamamayan. Napakatibay na patunay na dapat salungatin ang kolonyalismo.

Samantala, nagbigay pa ito ng halimbawang nagpapatibay sa argumento. Suriin mo ang kasunod:

- **Sa halip**, sa pinagmulang bansa gawin, iniluluwas pa ito sa kanilang mga bansa upang doon iproseso.

Ano ang naging gamit ng **sa halip**? Naglahad ito ng kabaligtarang gawain, hindi ba?

na sa halip na iproseso ang hilaw na produkto sa pinagmulang bansa, dinadala pa ito sa bansa ng mga kolonisador. Malinaw na patunay na nadevelop nga sa mga kolonya ang pagiging palaasa sa ekonomiya

Ngayon, tingnan mo ang huling pangungusap:

- **Samakatwid**, nanatiling tagasuplay lamang ng kanilang pangangailangan ang mga mahihinang bansa.

Paano ibinuhol ang lahat ng mga patunay sa argumento? Tama ka. Ginamit ang pang-ugnay na **samakatwid** upang malinaw na matapos ang presentasyon ng mga katwiran.

Naging maliwanag ba sa iyo ang panig ng mga salungat sa kolonyalismo? Marahil. Paano ito nagawa? Sa pamamagitan ng presentasyon ng mga patunay, hindi ba? Subukin mong basahin ang mga pangungusap na walang pang-ugnay:

- Hindi lamang ang pwersang paggawa at mga resorses ng bansa ang labis na naeksployt minaliit pa nila ang kakayahan ng mga Asyanong madevelop ang sarili.
- Sa ilalim ng pamamalakad ng imperyalista, ang ekonomiya ng kolonya ay idinisenyo nilang maging dependent sa kanila.
- Ito lamang daw ang tanging nagawa ng mga kolonisador na pinagdurusahan pa rin ng mga mamamayan.
- Na sa pinagmulang bansa gawin, iniluluwas pa ito sa kanilang mga bansa upang doon iproseso.
- Nanatiling tagasuplay lamang ng kanilang pangangailangan ang mga mahihinang bansa.

Ang hirap intindihin, di ba? Hindi mo alam kung ano ang koneksyon ng mga pangungusap. Mas mahirap marahil kung ito ay patalata na tulad nito:

> Sa ilalim ng pamamalakad ng imperyalista, ang ekonomiya ng kolonya ay idinisenyo nilang maging dependent sa kanila. Ito lamang daw ang tanging nagawa ng mga kolonisador na pinagdurusahan pa rin ng mga mamamayan. Na sa pinagmulang bansa gawin, iniluluwas pa ito sa kanilang mga bansa upang doon iproseso. Nanatiling tagasuplay lamang ng kanilang pangangailangan ang mga mahihinang bansa.

Mas mahirap unawain ano? Ito ang dahilan kung bakit kailangan ang mga salitang nagpapakita ng kaugnayan o koneksyon ng mga salita o ideya. Sa paglalahad ng mga argumento, mahalagang maipakita ang lohikal na paglalahad ng pangangatwiran upang makahikayat na sumang-ayon sa kanyang panig.

Pag-aaralan mo ngayon ang mga pangatnig na maaari mong gamitin sa pagsulat ng mga tekstong argyumentativ/persweysiv. Suriin mo ang unang dalawa:

- Pang-ugnay na Temporal – nagpapakita ito ng kronoloji o relasyong pamanahon

Maaaring gamitin ang mga pang-ugnay tulad ng *pagkatapos, matapos, habang , bago, magpahangga ngayon, hanggang, nang, noon* at iba pang kauri nito.

Halimbawa: **Pagkatapos** ng pananakop ng mga imperyalista sa Asya, isa-isang nagsikap bumangon ang mga bansa.

- Pang-ugnay na Lokal – nagpapakita ito lokasyong geograpikal o relasyon sa lugar
  Maaaring gamitin ang pang-ugnay na *kung saan, saanman* o *saan* at iba pang kauri nito.

Halimbawa: **Saanman** lumugar ang mga imperyalista, tiyak lalabanan sila ng mga sasakuping mamamamayan.

Naunawaan mo ba? Sige, ito naman.

- Pang-ugnay na Sumasalungat – nagpapakita ng kung paano nagkakaiba ang dalawang ideya
  Ginagamit dito ang mga pang-ugnay tulad ng *ngunit, datapwat, subalit, datapwat, bagamat* at iba pang mga kauri nito.

Halimbawa: May mga naituro ang mga kolonyalista **subalit** hind ito sapat upang pagharian nila ang mga mahihinang bansa.

- Pang-ugnay na Naghahambing – ginagamit ito upang ipakita ang pagiging hawig ng dalawang ideya
  Maaaring gamitin ang *din/rin, daw/raw, katulad/ tulad, kapareho, kahit na* at iba pang kauri nito.

Halimbawa: Ang kapitalismo, **katulad din** ng kolonyalismo, ay laban sa mga mahihina.

☺ Tingnan mo naman ang kasunod:

- Pang-ugnay na Nagpapatuloy – nagpapakita na ang isang ideya ay karugtong ng isa pang ideya.
  Ginagamit dito ang mga salitang tulad ng *at, dagdag/ karagdagan dito* at iba pang kauri nito.

Halimbawa: Ang pananakop sa pamamagitan ng pwersang militar **at** sa pamamagitan ng relihiyon ay paarehong may masamang epekto sa mga Pilipino.

- Pang-ugnay na Nangangatwiran – nagpapaliwanag ito kung bakit ang isang pahayag ay totoo. Ginagamit ito pagkatapos ng pahayag na pinatotohanan.
  Maaaring gamitin ang mga salitang tulad ng *sapagkat, dahilan/dahil sa* at iba pang kauri nito.

Halimbawa: Ang imperyalismo ay mapaniil **sapagkat** ang layunin ng mga imperyalista ay mapanatili ang kanilang kapangyarihan sa kolonya.

Kumusta? Marahil nadalian ka. O, eto naman.

- Pang-ugnay na Nagpapakita ng Bunga o Resulta – nagpapakita ito kung paaano ang isang pahayag ay nagbunga ng isa pang pahayag

  Ginagamit dito ang mga salitang tulad ng *kaya, saka, kung kaya* at iba pang kauri nito.

Halimbawa: Nagmalabis ang mga imperyalista **kaya** naghimagsik ang mga mamamayan.

- Pang-ugnay na Panserye – ginagamit sa pag-uugnay-unay ng mga katwiran o ideyang inilalahad

  Ginagamit ang mga salitang tulad ng *una sa lahat/una, ikalawa…, kahuli-hulihan , sa kabuuan, sa wakas* at iba pang kauri nito.

Halimbawa: **Una sa lahat**, nais kong sabihin sa inyo na ang kalayaan ay hindi binibili.

- Iba pang mga Pang-ugnay

a. O – nagpapakita ng iba pang opsyon o alternativ, karaniwan ay may elemento ng paghahambing at pagsalungat.

Halimbawa: Magpapaalipin ka ba **o** ipaglalaban mo ang iyong karapatan?

b. Kung – nagpapakilala ng kundisyon

Halimbawa: Walang magsasamantala **kung** walang papayag na mapagsamantalahan.

Ang lahat ng mga pang-ugnay na ito ay makatutulong sa iyo na masuri at makasulat ng mga tekstong argyumentativ. Maaaring maipahiwatig nito o tuwirang masabi ang intensyon ng manunulat.

**Gamitin**

Gawain 1:

Basahin ang talata. Piliin ang angkop na pang-ugnay na babagay sa daloy ng kaisipan.

Matanda na ang problema ng tunggaliang mayaman (1. **laban sa , batay sa**) mahirap. Sa huling bahagi ng ika-19 na siglo (2. **at, sa kabila**) ng unang bahagi ng ika-20 siglo ay naresolba sana

ito sa pamamagitan ng kompromiso. (3. **Subalit, Bagamat**) ito ay nabigo nang sarisaring teoryang panlipunan ang lumabas, tulad ng imperyalismo, sosyalismo, nasyunalismo at komunismo. Marami pang iba-ibang mga ideya ang pinagbatayan ng mga lider (4. **kaya, ngunit**) wala pa ring malinaw at tiyakang mabuting bunga. Maaring ang dahilan ay ang mismong mga mamamayang nagkukulang sa paggawa (5. **kung saan, o**) ang mayayamang ayaw bumaba sa kanilang kinalalagyan. (6. **Kung ganito, Sapagkat**) ang sitwasyon, malabong malutas ang suliraning ito.

Ihambing mo ang iyong sagot dito.

1. laban sa
2. at
3. Subalit
4. ngunit
5. o
6. Kung ganito

Heto pa ang isa.

**Gawain 2:**

Punan ang patlang ng angkop na pang-ugnay.

| | | |
|---|---|---|
| **katulad din** | **kaya** | **Sa halip** |
| **ngunit** | **hangga ngayon** | **magkagayunman** |
| | **Europa at Asya** | |

Walang lahing superyor kaysa sa isa ___________ hindi dapat na isipin ng mga taga-Europa na may karapatan silang alipinin ang mga taga-Asya. Maaaring nauna silang tumuklas ng mga bagay-bagay sa ngalan ng sibilisasyon at industriyalisasyon _____________ hindi ito sapat na batayan upang mang-alipin. Ang Asya ______________ ng Europa o ng kahit na aling kontinente ay bahagi ng daigdig na nilikha ng Diyos. ____________ na maging konkistador, nararapat lamang na tumulong sila sa mga kapatid na nangangailangan. Malawak at malayo na nga ang narating ng teknolohiya at syensya, bakit ______________ hindi pa rin nagagawan ng solusyon ang problema sa kawalan ng paggalang sa karapatan ng kapwa?

**Gawain 3:**

Basahing muli at suriin ang talatang *Europa at Asya*. Itala ang mga ideyang binanggit dito.

| Europa at Asya |
|---|
| 1. |
| 2. |
| 3. |

Ganito ba ang iyong sagot? Itsek mo.

Gawain 1:

1. kaya
2. ngunit
3. katulad din
4. Sa halip
5. hangga ngayon

Gawain 2:

| Europa at Asya |
| --- |
| 1. Walang lahing superyor kaysa sa isa kaya hindi dapat na isipin ng mga taga- Europa na may karapatan silang alipinin ang mga taga-Asya. |
| 2. Maaaring nauna silang tumuklas ng mga bagay-bagay sa ngalan ng sibilisasyon at industriyalisasyon ngunit hindi ito sapat na batayan upang mang-alipin. |
| 3. Ang Asya katulad ng Europa o ng kahit na aling kontinente ay bahagi ng daigdig na nilikha ng Diyos |

Tama ba ang lahat ng iyong sagot? Kung hindi, balikan mo ang iyong aralin. Kung oo, magpatuloy ka.

**Lagumin**

Narito ang ilang mga puntong dapat tandaan:

1. Ang mga pang-ugnay ay tumutulong sa lohikal na paghahanay ng mga kaisipan. Ito ay nagpapakita ng relasyon ng salita, parirala at pangungusap sa iba pang bahagi ng talata.
2. Ang mga pang-ugnay ay maaaring temporal, lokal, sumasalungat, naghahambing, nagpapatuloy, nangangatwiran, nagpapakita ng bunga o resulta, panserye at iba pa.
3. Mahalagang tandaan na ang pagpapasya ay dapat na nakabatay sa masusing pagsusuri. Ibatay ang pagpapasya sa mga patunay at katwirang inilalahad, hindi sa emosyon.

**Subukin**

Gawain 1: Piliin ang pang-ugnay na angkop sa daloy ng kaisipan sa talata.

| | | | |
| --- | --- | --- | --- |
| **sa kabila** | **at** | **kung** | **kadalasan** |
| **una** | **tulad** | **ikatlo** | **raw** |
| **sapagkat** | **maging** | **o** | **na** |

**Ang mga Usong Musika at Droga**

(1) Labis na kinagigiliwan ng mga kabatan ang musika __________ hindi man kinahuhumalingan. Sa mga barkadahan, karaniwan nang bahagi ng kanilang *bonding* ang pakikinig sa musika. (2) Sa iba pa, sila ay bumubuo ng banda, tumutugtog __________ lumilikha ng musika. Maganda at malikhaing paraan ng pampalipas ng oras! (3) Subalit bakit kaya may mga katandaang sumasalungat __________ ng mga kabutihan nito? (4) __________, napakagulo raw ng musika ng mga kabataan. (5) Ikalawa, ang musika raw sa kasalukuyang panahon ay hindi nagtuturo ng kagandahang-asal, hindi __________ noon. (6) Ang nilalaman ng awit, __________ ay may mga masasamang salita at *undertones* na sekswal. (7) Ito __________ ay nagbibigay ng ideya sa mga kabataan na sumali sa mga gawaing taliwas sa kagandahang-asal. (8) At __________, ang musika raw ng mga kabataan ngayon ay nanghihikayat na gumamit sila ng droga. Totoo ba ito (9) __________ hindi? (10) Ikaw ___________ ang bahalang humatol.

Gawain 2: Basahing muli ang talatang *Musika at Droga*. Ihanay ang mga patunay at katwirang inilahad dito.

| Mga dahilan kung bakit hindi sang-ayon ang mga katandaan sa musika ng mga kabataan: |
|---|
| 1. |
| 2. |
| 3. |

Itsek ang iyong sagot.

Gawain 1:

1. kung
2. at
3. sa kabila
4. una
5. tulad
6. kadalasan
7. raw
8. ikatlo
9. o
10. na

Gawain 2:

| Mga dahilan kung bakit hindi sang-ayon ang mga katandaan sa musika ng mga kabataan: |
|---|
| 1. Una, napakagulo raw ng musika ng mga kabataan. |
| 2. Ikalawa, ang musika raw sa kasalukuyang panahon ay hindi nagtuturo ng kagandahang-asal, hindi tulad noon |
| 3. Ang nilalaman ng awit, kadalasan ay may mga masasamang salita at *undertones* na sekswal. |
| 4. Ito ___________ ay nagbibigay ng ideya sa mga kabataan na sumali sa mga gawaing taliwas sa kagandahang-asal. |
| 5. At ___________, ang musika raw ng mga kabataan ngayon ay nanghihikayat na gumamit sila ng droga. |

**Paunlarin**

Piliin ang mga pang-ugnay na angkop sa daloy ng kaisipan ng teksto. Titik lamang.

Kompyuter at Imperyalismo

Ang Internet ay itinuturing na pinakamabilis na paraan ng pagpapalaganap ng impormasyon sa buong mundo. Ito ay sentralisado, walang sensor, mura (**1. at, o**) maaaring magamit ng kahit na sino, saanmang panig ng daigdig. Ayon kay Bill Gates, (2. **sa pamamagitan, sapagkat)** nito ang mundo ay maaaring maging isang *global village*. Ang Estados Unidos na siyang umimbento ng teknoloji ng Internet, ay nangunguna sa paggamit at pagmamanipula nito. Sila rin ang Internet Service Providers (ISP) at nakabase sa kanila ang karamihan ng mga *web sites*.Sa ganitong sitwasyon, natural lamang na kultura nila ang gagamitin at palalaganapin.(3. **Kaya**, **Subalit)**, ito ay *bias* at nakakiling sa kanila. Ang katotohanang ito, (4. **kung kaya**, **kasabay)** ng kanilang dominasyon sa mga pandaigdig na usapin, at ang kakulangan sa pagkontrol ng paggamit ng Internet ay lalong nagpapatindi sa takot ng sandaigdigan sa bagong panahon ng Imperyalismong Amerikano gamit ang kanilang kultura. (5. **Sa kabuuan, Sa wakas**), masasabi nga bang kapaki-pakinabang ang pagkakaroon ng Internet?

**Gawain 2:**

Basahing muli ang talatang *Kompyuter at Internet.* Ihanay ang mga ideyang binanggit dito.

| Kompyuter at Imperyalismo |
|---|
| 1. |
| 2. |
| 3. |

Ikumpara rito ang iyong sagot:

Gawain 1:

1. at
2. sa pamamagitan
3. kaya
4. kasabay
5. Sa kabuuan

Gawain 2:

| Kompyuter at Internet |
|---|
| 1. Ang Internet ay itinuturing na pinakamabilis na paraan ng pagpapalaganap ng impormasyon sa buong mundo. |
| 2. Ito ay sentralisado, walang sensor, mura at maaaring magamit ng kahit na sino, saanmang panig ng daigdig. |
| 3. . Ayon kay Bill Gates, sa pamamagitan nito ang mundo ay maaaring maging isang *global village.* |
| 4. Ang Estados Unidos na siyang umimbento ng teknoloji ng Internet, ay nangunguna sa paggamit at pagmamanipula nito |
| 5. Sila rin ang Internet Service Providers (ISP) at nakabase sa kanila ang karamihan ng mga *web sites.* |

## Sub-Aralin 3

### Pagsusuri at Pagtukoy ng Uri ng Paglalahad
### Pagsulat ng Talatang Nagpapasya

Layunin:

1. Nasusuri at natutukoy ang mga uri ng paglalahad – formal at informal
2. Nakasusulat ng talatang nagpapasya ayon sa mga patunay at katwirang inilahad

**Alamin**

Kung ikaw ay nakikinig sa isang ispiker, ano ang madalas na pinapansin mo? Marahil bukod sa kanyang pisikal na anyo, ay ang paraan ng kanyang pagsasalita, di ba? Iniisip mo din na posibleng repleksyon ng kanyang personaliti ang kanyang mga pahayag. Kung paano niya sinasabi ang mga impormasyong inaasahan mo mula sa kanyang paksa, at gayundin ang uri ng mga salitang kanyang ginagamit ay nakakaapekto sa impresyon ng kanyang *audience*. Nauunawaan ba ng mga nakikinig sa kanya ang mensaheng ibig niyang iparating? Ikaw naman na nakikinig ay maaaring humahanga sa ispiker o kaya naman eh naiinis . Siguri  kasi nakakaantok makinig dahil nawawalan ka ng interes sa kanyang presentasyon. Ano kaya ang dahilan? Tama ka! Ibinabagay kasi sa uri ng makikinig o sa *audience* ang paksa, teminolohiya at tono ng ng panayam na ibibigay ng isang ispiker. Dapat na pag-aralan niyang lahat ito upang makakuha ng interes.

Sa pagsulat ay ganoon din, tulad din sa pagsasalita. Ibinabagay  ang mga salita at pahayag na ginagamit sa mga mambabasa sa uri ng paksa o isyung isusulat. Ito ang pag-aaralan mo sa bahaging ito. Sa araling ito, malalaman mo ang mga uri ng paglalahad. Matutuhan mo rin itong gamitin sa pagsulat ng iyong mga argumento.

Susuriin mo muna ang mga teksto at susubukin mo ring sumulat ng isang talalatang nagpapasya batay sa patunay at katwirang inilalahad ng iyong binasang artikulo.

Ang tekstong babasahin mo ngayon ay tatalakay sa iyong pagiging Pilipino at sa uri ng iyong pagmamahal sa bayan. Ano kaya ang pinaniniwalaan mo, Pilipinismo o nasyonalismo?

Kung handa ka na, maaari ka nang magsimula.

**Linangin**

## Pilipinismo at Nasyonalismo

**1.** Narinig mo na ba ang salitang Pilipinismo? Eh, ano nga ba ito? Sige susubukan kong ipaliwanag sa iyo…Kaisipang Pilipino ito na magbubuklod sa atin bilang isang bansa, kuha mo? Maghihiwalay kasi ito sa interes ng isang Pilipino sa mga dayuhan. Alam mo, kahit na matatalino ang mga Pinoy, ang kanilang talino ay hindi nakafokus sa pagpapalaya nang lubusan sa Pilipinas, kundi sa personal nilang interes.

**2.**Ano ba ang gustong mangyari ng ideyang ito? Sige, pag-usapan natin…Objektiv ng Pilipinismo na magkaroon ng mas maraming mga Pilipinong may konsern, pakikialam at komitment sa interes ng lahat, hindi pansarili lang. Kasi kung laging personal lang, mas

madali kang mamanipula ng mga dayuhan sa mga transaksyong papabor sa kanilang agendang pulitikal at ekonomik na **laban** naman sa pambansang interes ng mga Pilipino. Kabayan, isang ideolohiyang Pilipino ito na para sa mga Pilipino tungo sa pagiging **tunay** na makabayan. Ito nga raw kasi ang ganap na esensya ng pagiging isang bansa.

**3.** Dalawa ang elemento ng Pilipinismo. Syempre unang sangkot dito, ang mga magsasaka at manggagawa. Para ito sa kanilang demokratikong karapatan at kagalingang pang-ekonomiko. Ikalawa sa kanila, eh ang pakikipaglaban naman ng panggitnang sektor ng lipunan. Laban naman ito sa kolonyalismo at neokolonyalismo. Bakit sila? Ganito yun, sila kasi ang may kakayahang labanan ang pagpapaunlad ng negosyo ng mga imperyalista sa ating bansa. Kung magkakaisa kasi, sila ang may kakayahang magtayo at magpalawak ng negosyong Pilipino na papabor sa mga Pilipino.

**4.** Teka, hindi ba may nasyonalismo na? Ano ba ang kaibahan nito sa Pilipinismo? Ang **nasyonalismo** naman eh nagkaroon ng ibang konotasyon sa ating bansa. Inakala natin na ito ang tunay na pagmamahal sa bayan at pagiging makabayan. Ang problema, hindi ganoon ang nangyari. Sa paglipas kasi ng kasaysayang pulitikal ng Pilipinas at karanasan ng mga Pilipino mula sa napakahabang pananakop ng mga dayuhan, nagkaroon ng korapsyon sa terminong nasyonalismo. Alam mo ba, na dahil sa ang istratehiya ng mga konkistador ay mapanghati (*divisive*), ganoon din ang natutuhan ng mga Pilipino. Hayun, una nilang pinangalagaan ang personal na interes, kasama ang kanilang kamag-anak, kapangkat o karehiyon para mabuhay nang maayos at ligtas. Sa katagalan, ang kaisipan ng mga dayuhan ang pumasok sa kanilang ulo kasabay ng pagpasok ng mga produktong imported na pumatay sa inisyativ ng mga kapitalistang Pilipino. Ano ang naging resulta nito? Aba, eh di nagtagumpay ang mga konkistador! Hindi lang naging palaasa sa maibibigay sa kanila ang mga mahihirap na Pilipino, *nasanay rin silang may nag-iisip para sa kanila.*Tama ba yun? Hay naku, kaya ang umiral na nasyonalismo sa Pilipinas ay iyong bihag ng mga dayuhang interes at pag-iisip, partikular na ang mula sa mga imperyalista. Ito nga iyong istratehiyang mapanghati upang mapanatili ang kanilang interes at dominasyon sa bansa. Ang labas, hindi nagkakaisa ang sambayanang Pilipino dahil hindi nakasanayang magmalasakit sa kababayan.

**5.** Sa kasalukuyan, malinaw nating makikita ang manipestasyon nito sa sosyedad at sa gobyerno. Aba, panahon na siguro para magkaroon tayo ng tunay at ganap na konsern at pagmamalasakit sa bayan, hindi kaya? Pilipinismo ba, o nasyonalismo? Ikaw, ano sa palagay mo, ha ?

Ano ang paksa ng artikulo? Tama ka. Pilipinismo at nasyonalismo. Naglahad ang mga talata ng mga impormasyon tungkol sa dalawang ideya.

**Gawain 1:**

Isulat sa nakatakdang kolum ang mga pangungusap na tumutukoy sa Pilipinismo at nasyonalismo. Gamiting referens ang talata bilang 1 at 4.

| Pilipinismo | Nasyonalismo |
|---|---|
| 1. | 1. |
| 2. | 2. |
| 3. | 3. |

Itsek mo ang iyong sagot. Ganito humigit-kumulang ang napili mo.

| **Pilipinismo** | **Nasyonalismo** |
|---|---|
| 1. Kaisipang Pilipino ito na magbubuklod sa atin bilang isang bansa, kuha mo? | 1. Ang nasyonalismo naman eh nagkaroon ng ibang konotasyon sa ating bansa. |
| 2. Maghihiwalay kasi ito sa interes ng isang Pilipino sa mga dayuhan. | 2. Hayun, una nilang pinangalagaan ang personal na interes, kasama ang kanilang kamag-anak, kapangkat o karehiyon para mabuhay nang maayos at ligtas. |
| 3. Alam mo, kahit na matatalino ang mga Pinoy, ang kanilang talino ay hindi nakafokus sa pagpapalaya nang lubusan sa Pilipinas, kundi sa personal nilang interes. | 3. Alam mo ba, na dahil sa ang istratehiya ng mga konkistador ay mapanghati (*divisive*), ganoon din ang natutuhan ng mga Pilipino. |

Ano ang napansin mo sa istilo ng paglalahad? Parang kinakausap ang mambabasa, di ba? Parang kausap mo nang malapitan ang sumulat.

Anu-ano ang mga salita o pariralang ginamit para maging ganito ang himig? Okey, mga salita at pariralang tulad ng *kuha mo*, *kasi*, *alam mo, naman eh, hayun*, *alam mo ba*. Informal ang ganitong paraan ng paglalahad. Ang isa pang uri nito ay formal.

Mahalagang pag-aralan mo ang mga uri ng paglalahad.

## Mga Uri ng Paglalahad

**Formal** ang isang sanaysay kapag ito ay sumusunod nang tiyakan sa mga nakatakdang tuntunin. Gumagamit ito ng mga pili at pormal na salita . Karaniwang ang paksa nito ay pang-akademiko at seryosong mga isyu kaya ginagamit din ito sa mga formal na okasyon. Ipinadarama ng manunulat ang kanyang personaliti sa likod ng mga salitang kanyang ginagamit. Ginagamit ang ganitong uri ng paglalahad sa mga pormal na forum at okasyon.

Ang pagiging **informal** ay hindi pagsunod sa itinakdang mga tuntunin. Hindi naman nangangahulugang hindi ito informativ o persweysiv, kaya lamang ito ay nasa kondisyong nakarelaks. Hindi ito labis na madiin sa pagpapahayag ngunit may tiyak na puntong tinutungo at nililinaw. Ang mga sanaysay na informal ay isinusulat para manlibang at magbigay ng kasiyahan kasabay ang pagbibigay ng opinyon o argumento. Nagpapahayag ito ng opinyon, obserbasyon, biro o

patawa na may tonong tulad ng personal na pakikipag-usap sa mga kalapit ng damdamin tulad ng isang kaibigan. Ang mahusay na informal na sanaysay ay may kayariang matibay ngunit nasa atmosperang hindi istrikto ang pagkakalahad.

Mahalaga ring tandaan na ang gamit ng mga salita ay nakaaapekto sa tono ng sanaysay. May mga tiyak na salitang para sa formal na diskasyon tulad ng mga salitang pambansa at pampanitikan. Marahil nakuha mo na ito sa ibang modyul. Samantala sa mga informal na sanaysay ay ginagamit ang mga karaniwang salitang kombersasyunal na maaaring pambansa, panlalawigan o kaya ay kolokyal. Kung gagamit ng kolokyal, tiyakin lamang na hindi ito nakasasakit o wala itong ibang kahulugan o *undertone* maliban sa nais mong iparating.

Kumusta? Naintindihan mo ba? Marahil. Subukin mong gawin ang mga sumusunod:

**Gamitin**

Gawain 1:

Basahing muli ang talata 2. Nilagyan ng bilang ang mga pangungusap upang maging madaling matukoy. Subuking palitan ito ng pormal napaglalahad.

1**.** *Ano ba ang gustong mangyari ng ideyang ito, ha?*
Pormal ____________________________________________________

2. *Sige, pag-usapan natin.*
Pormal____________________________________________________

3. *Objektiv ng Pilipinismo na magkaroon ng mas maraming mga Pilipinong may konsern, pakikialam at komitment sa interes ng lahat, hindi pansarili lang.*
Pormal ____________________________________________________
____________________________________________________
____________________________________________________

4. *Kasi kung laging personal lang, mas madali kang mamanipula ng mga dayuhan ang bayan sa mga transaksyong papabor sa kanilang agendang pulitikal at ekonomik na laban naman sa pambansang interes ng mga Pilipino.*
Pormal ____________________________________________________
____________________________________________________
____________________________________________________

5. *Kabayan, isang ideolohiyang Pilipino ito na para sa mga Pilipino tungo sa pagiging tunay na makabayan.*
Pormal ____________________________________________________
____________________________________________________
____________________________________________________

6. *Ito nga raw kasi ang ganap na esensya ng pagiging isang bansa.*

Ganito, humigit-kumulang ang iyong sagot.

1. Ano ang ibig mangyari ng ideolohiyang ito?
2. Talakayin natin.
3. Layunin ng Pilipinismo na magkaroon ng mas maraming mga Pilipinong may malasakit, pakikialam at komitment sa interes ng lahat, hindi pansarili lang.
4. Kung laging personal lamang, mas madaling mamanipula ng mga dayuhan ang bayan sa mga transaksyong papabor sa kanilang agendang pulitikal at ekonomik na laban naman sa pambansang interes ng mga Pilipino.
5. Mga ginoo, ginang at binibini, ito ay isang ideolohiyang Pilipino para sa mga Pilipino tungo sa pagiging tunay na makabayan.
6. Ito ang ganap na esensya ng pagiging isang bansa.

Pansinin na ang mga ginamit na salita sa formal na pangungusap ay pili at may himig na seryoso. Nababagay ito sa mga paksa at isyung may ganoon ding himig. Samantala, ang mga informal na pangungusap ay kombersasyunal at may himig na relasyong pamilyar sa mga mambabasa.

Gawain2: Basahin mong muli ang artikulong tungkol Pilipinismo at nasyonalismo Balikan ang table na nagsuri rito. Maari mong dagdagan ang listahan kanina ng iba pang ideya na nakuha mo sa talata upang higit na maging madali sa iyo ang pagpapasya. Timbanging mabuti ang mga patunay at katwirang inilahad ng dalawang panig. Pagkatapos, sumulat ng iyong sariling pasya. Maaari mong gamitin ang balangkas na inihanda sa paglalahad ng iyong panig.

| Pilipinismo | Nasyonalismo |
|---|---|
| 1. Kaisipang Pilipino ito na magbubuklod sa atin bilang isang bansa, kuha mo? | 1. Ang nasyonalismo naman eh nagkaroon ng ibang konotasyon sa ating bansa. |
| 2. Maghihiwalay kasi ito sa interes ng isang Pilipino sa mga dayuhan. | 2. Hayun, una nilang pinangalagaan ang personal na interes, kasama ang kanilang kamag-anak, kapangkat o karehiyon para mabuhay nang maayos at ligtas. |
| 3. Alam mo, kahit na matatalino ang mga Pinoy, ang kanilang talino ay hindi nakafokus sa pagpapalaya nang lubusan sa Pilipinas, kundi sa personal nilang interes. | 3. Alam mo ba, na dahil sa ang istratehiya ng mga konkistador ay mapanghati (*divisive*), ganoon din ang natutuhan ng mga Pilipino. |

**Lagumin**

Balikan mo ang ilang mahahalagang detalye napag-aralan mo:

1. Ang dalawang uri ng sanaysay ayon sa anyo ay formal at informal. Ang formal na anyo ay sumusunod sa mga tuntunin at istandard na nakaset. Tumatalakay ito sa mga isyung pang-akademiko.

2. Ang informal na sanaysay ay may layuning manlibang o mang-aliw. May himig itong tulad ng nakikipag-usap kaya ang pagtalakay ay nakakarelaks. Nagbibigay din ito ng impormasyon tulad ng isang formal na sanaysay.

3. Bago makapagpasya, mahalagang tandaan na dapat timbanging mabuti ang mga patunay at katwirang nakalahad upang magin objektiv.

Maaari ka nang magpatuloy.

**Subukin**

A. Basahin ang tekstong informal. Palitan ito ng uring formal.

*Alam mo ba kung paano tayo naaapektuhan ng pagsasamantala ng mga dayuhan? Tingnan mo nga ang suot mo, ng iyong mga kaibigan, kahit na nga ng iyong katabi. Imported ang damit ano? Eh, paano ba tayo aasenso niyan? Kung ikaw nga eh, hindi mo kayang lumakad nang hindi signature ang damit eh. Hay, naku! Mahirap talagang lumayo sa kinagisnan, sa nakagawian! Pero gugustuhin mo bang manatiling umaasa na lang? Ewan ko sa iyo, pero para sa akin, dapat hindi! Ano sa palagay mo, ha?*

<u>Formal:</u>

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

C. Basahin at suriin ang teksto. Ihanay sa unang kolum ang mga patunay na inilahad ng sang-ayon at sa ikalawang hanay ang sang-ayon. Pagkatapos, suriing mabuti ang mga patunay at katwiran. Sa huli, sumulat ng iyong sariling pasya. Maaari mong gamitin ang patnubay na format. Pumili ng isa lamang, formal o informal.

**Neo-kolonyalismo at Video Games**

Laganap na laganap kahit saan ang paglalaro ng video games. Kahit sa mga liblib na probinsya ay makikita ang ganitong mga aparato. Hindi lamang ang mga kabataan ang

nahuhumaling dito, maging ang mga matatanda na ay mahilig din sa ganitong mga laro. Apektado nito ang mga estudyante at kung ganoon ay ang malaking populasyon ng bansa.

Kung susuriin, naniniwala akong isa ito sa mga istratehiya ng neo-kolonyalismo. Una, sa ibang bansa nanggagaling ang mga video machines. Kung ganoon, ang bansang gumagamit nito ay konsyumer lamang. Ang tanging nakikinabang ay ang bansang mayayaman at may sapat na kapital. Ikalawa, ito ay may disenyong nakapatern sa kultura ng bansang pinanggagalingan. Samakatwid, ang isinusulong ay ang kultura lamang nila at walang pakialam sa mga bansang konsyumer. Ikatlo, ang mga laro sa video games ay lagi nang tungkol sa pamamayani ng mga malalakas at makapangyarihan. Kung sino ang mas marahas, siya ang mangingibabaw. Hindi ba ang karahasan ay ang unang sandata ng mga kolonisador? Sa kabuuan, masasabi kong ang paraang ito ay may istratehiyang neo-kolonisador- sa ekonomiya nila pinararaan ang pananakop.

Samantala, ang mga salungat ay ipinaglalabang hindi ito tanda ng neo-kolonyalismo. Ayon sa kanila: Una, bahagi ito ng malayang pakikipagkalakalan. Ang lahat daw ng mga bansa ay maaaring makibahagi rito. Lahat ng may kakayahan ay maaaring magbenta o bumili. Ikalawa, sa usaping pagsusulong ng kultura. Natural lamang daw na ito ang maging konteksto ng kanilang mga produkto sapagkat sa kanila nanggagaling ang ideya. Ikatlo, kung ayaw ng konsyumer ang karahasan, hindi sila pinipilit na bumili. Maaari silang gumawa ng iba namang uri ng laro. Sa huli, ipinagdidiinan nila na ang video games ay mananatiling laro lamang at hindi istratehiya ng kolonyalismo.

Ang pagtangkilik at paglalaro ng mga video games ba ay tanda ng neo-kolonyalismo, o hindi?

| Sang-ayon | Salungat |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |

- Maaaring gamitin ang format ng inihandang gabay. Ang paglalahad ay maaaring formal o informal.

<u>Informal</u>

Mga kaibigan, kung ang pag-uusapan natin eh ang isyung ___________________ (Ang isyung pinili mo.) Naniniwala akong ______________________________________ (Ilahad ang iyong panig.) Nasabi ko ha, ito kasi ___________________________________ (Unang matibay na patunay o katwiran.) Ikalawa, isipin mo na lang di ba ______________ ________________________ ___________________________________(Kasunod na katwiran at paliwanag.) Ikatlo, kung ikaw, hindi ba maiisip mo ring ________________________________________________ (Panghuling katwiran

at depensa.) Kung titingnan mo, makikinabang tayong lahat dahil ______________________________ (Epekto ng panig kung sasang-ayunan ng nakararami) Kaya ako, hindi mababago ang pasya ko na____________________________ (pagbibigay-diing muli sa panig.)

Formal

Tungkol sa isyung __________________ (Ang isyung pinili mo.) Naniniwala akong _________________________________ (Ilahad ang iyong panig.) Nasabi ko ito sapagkat ________________________________ (Unang matibay na patunay o katwiran.) Ikalawa _________________________________(Kasunod na katwiranat paliwanag.) Ikatlo, ______________________________________ (Panghuling katwiran at depensa.)

Sa kabuuan, kung susuriin ______________________________ (Epekto ng panig kung sasang-ayunan ng nakararami) Kaya naninidigan akong ____________________________ (pagbibigay-diing muli sa panig.)

Ihambing ang iyong sagot.

A.

| Sang-ayon | Salungat |
|---|---|
| Konsyumer lamang ng mga bansang tumatangkilik | Bahagi ito ng malayang pakikipagkalakalan |
| May disenyong nakapatern sa kultura ng bansang pinanggalingan | Natural lamang ito at normal sa produksyon |
| Karahasan at kapangyarihan ang namamayani sa laro na siyang sandata ng mga kolonisador | Kung ayaw ng konsyumer ng karahasan, hindi sila pinipilit na bumili |

- Magbibigay ang guro ng puntos batay sa pagkakalahad ng katwiran at pagbuo ng talata. Ang katumbas nito ay 20 puntos. Maari ring gamitin ang rubric sa pagsulat ng talatang argyumentativ/persweysiv.

Kumusta, tama ba ang lahat ng iyong mga sagot? Kung hindi, balikan ang mga araling kailangan mo. Pagkatapos, gawin mo ang Paunlarin. Kung tamang lahat, maari mo nang sagutan ang Pangwakas na Pagsusulit.

**Paunlarin**

Piliin lamang ang mga bahaging makatutulong sa iyo.

**Gawain1**

A. Subuking palitan ang mga informal na pangungusap ng formal:

1. Sa bahay nyo, di ba maraming gamit na imported?
2. Tingnan mo naman, astig ang porma niya!
3. Hoy pare, mag-isip ka naman, ano?
4. Alin, kung sapatos ang pag-uusapan…sa gawang Marikina na ako, noh!
5. Ewan ko ba!

B. Palitan ang mga formal na pangungusap ng informal:

1. Sa wari ko, hindi na tayo makaaalis sa paghihirap.
2. Mahusay nga ang mga mamamayan, tiwali naman ang pamahalaan.
3. Sa ganitong pagkakataon, anong liwanag ang aasahan ng sambayanan?
4. Darating pa kaya ang mga lider na may malasakit sa kalagayan ng bayan?
5. Maglahad ka ng mga patunay sa iyong akusasyon!

Humigit-kumulang, ganito ang iyong sagot:

A.

1. Marami bang gamit na imported sa inyong bahay?
2. Kung titingnan, maganda ang ang kanyang anyo.
3. Kaibigan, dapat kang mag-isip.
4. Sa aking palagay, ang sapatos na gawa sa Marikina ay mahusay!
5. Hindi ko alam.

B.

1. Siguro, lagi na lang tayong mahirap ano?
2. Kung okey nga ang mga tao, eh korap naman ang gobyerno.
3. Kung ganito ang sitwasyon, me aasahan pa ba ang mga tao, sa tingin mo?
4. Me lider pa kayang makikialam sa kabutihan ng bayan, palagay mo?
5. Me ebidensya ka ba sa bintang mo, ha?

Gawain 2:

Basahin ang teksto. Suriin ang mga patunay at katwirang inilalahad nito. Pagkatapos, sumulat ng iyong panig . Maaari mong gamitin ang format ng inihandang gabay - formal o informal.

Karahasan sa Pelikula

Naniniwala akong ang karahasan sa mga pelikula ay hindi dapat na sisihin sa mga nangyayari ring karahasan sa lipunan. Ito ay kabaligtaran. Ang totoo, ito pa nga ang tumutulong upang maalis ang ganitong pakiramdam. Kung ako ay nanonood ng pelikula at may pinatay rito, hindi ito mangangahulugang paglabas ko ay ganoon din ang gagawin ko. Ilang kriminal na ba ang pinalaya at hindi pinagdusa sa mga pelikula? Hindi ba mas malaki ang posibilidad na mawala ang galit ko dahil ako ay nalibang na o natakot sa kahihinatnan kung ako ay makapatay ng tao?. Mababawasan, kung hindi ko man malimutan na ang ganoong damdamin. Ang pelikula ay pelikula lamang at ganoon lamang! Wala nang iba pa, pang-aliw lamang at kung minsan ay nakapagtuturo lamang ng mga aral sa buhay.

Informal

Mga kaibigan, kung ang pag-uusapan natin eh ang isyung **karahasan sa pelikula**. (Ang isyung pinili mo.) Masasabing kong ______________________________________ (Ilahad ang iyong panig.) Nasabi ko ito kasi __________________________________ (Unang matibay na patunay o katwiran.) Ikalawa, isipin mo na lang di ba _____________ _______________________ _________________________________(Kasunod na katwiran at paliwanag.) Ikatlo, kung ikaw, hindi ba maiisip mo ring _______________________________________________ (Panghuling katwiran at depensa.) Tingnan mo ha, makikinabang tayong lahat dahil ______________________________ (Epekto ng panig kung sasang-ayunan ng nakararami.) Kaya ako, hindi mababago ang pasya ko na____________________________ (pagbibigay-diing muli sa panig.)

Formal

Tungkol sa isyung karahasan sa pelikula, naniniwala akong _________________________________ (Ilahad ang iyong panig.) Nasabi ko ito sapagkat ________________________________ (Unang matibay na patunay o katwiran.) Ikalawa _________________________________(Kasunod na katwiran at paliwanag.) Ikatlo, ______________________________________ (Panghuling katwiran at depensa.)

Sa kabuuan, kung susuriin ______________________________ (Epekto ng panig kung sasang-ayunan ng nakararami) Kaya naninidigan akong ____________________________ (Pagbibigay-diing muli sa panig.)

Gawain 1:

Ang guro ang magbibigay ng puntos batay sa pagkakalahad ng katwiran at pagbuo ng talata. Ang katumbas nito ay 20 puntos.

## *Gaano ka na kahusay?*

I. **Pagsusuri sa Teksto**

A. Basahin at suriin ang teksto. Ihanay sa unang kolum ang mga patunay na inilahad ng sang-ayon at sa ikalawang hanay ang salungat sa isyung tinalakay.

### Imperyalismo at Globalisasyon

Globalisasyon, isang anyo nga ba ng imperyalismo?

Ayon sa mga dalubhasa sa pulitika, ang dahilan ng pagsiklab ng nakaraang Una at Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay ang imperyalismo. Ang mga bansang imperyalistang ay pare-parehong nangangailangan ng mga kolonya at pamilihang maaari nilang pagbentahan ng mga produktong pinag-ukulan ng malalaking kapital kaya sila ay nag-una-unahan sa pananakop ng mga teritoryo. Bunga nito, nagkaroon ng pandaigdigang kaguluhan na sinundan naman ng malaganap na industriyalisasyon. Ang ipinagmamalaking industriyalisasyon daw ng mga bansang imperyalista ay pinagbuwisan ng buhay ng milyun-milyong mamamayan sa buong daigdig na sinakop ng makabagong kolonyalismo. Ito nga ang imperyalismo.

Sa kasalukuyan, ang isinusulong naman ng imperyalista ay ang tinatawag na globalisasyon. Ayon sa kanila, isa itong istratehiyang pang-ekonomiya na magsisilbing daan tungo sa pag-unlad. Una, may layunin itong maging magkapantay ang oportunidad ng lahat ng mga bansa sa larangan ng ekonomiya sa pamamagitan ng maluwag na pagbubukas ng pamilihan para sa mga mamumuhunan. Ikalawa, ito raw ang daan tungo sa pandaigdigang pag-unlad o progreso sapagkat ang mga maliliit na bansa ay dadayuhin ng mga mamumuhunan o *investors*. Dahil dito, magkakaroon ng mas maraming opurtunidad at trabaho. Ikatlo, ito ang mag-aalis ng pagitan o hangganang naghihiwalay sa mga bansa. Layunin nitong itayo ang isang pandaigdigang komunidad para sa malayang kalakalan at malayang pamumuhunan. Sa kabuuan, mabubuhay ang mga mamamayan ng daigdig sa iisang komunidad na may iisang ekonomiya at magsusulong ng kapatiran ng mga bansa.

Sinasabi naman ng mga salungat na ang globalisasyon ay isa lamang anyo ng imperyalismo kaya hindi dapat tangkilikin. Narito ang kanilang mga argumento. Ang tatlong haligi ng globalisasyong ito ay nakakiling lamang sa mga mayayamang bansang may sapat na kapital upang

makipagkalakalan. Una, ang *liberalization* ay nagpaluwag ng paglalabas-masok ng kapital at kalakal sa bawat bansa na hindi gaanong hinahadlangan ng mga batas at buwis na pumipigil sa malayang paggalaw nito. Ikalawa, Ang *privatization* ay ang pagbitaw ng gobyerno sa mga hawak nitong industriya at pagpapaubaya na ariin ito ng pribadong sektor na may kakayahang mamuhunan. Malaki ang posibilidad na ang pwersa ng paggawa ay lalong bumaba ang antas ng kabuhayan dulot ng kawalan ng proteksyon mula sa pamahalaan. Ikatlo, ang *deregulation* ay ang pagbabawas at paglalagay ng minimum na interbensyon ng gobyerno sa takbo ng negosyo at pagpapahintulot na ang "batas ng pamilihan" ang maging motor ng ekonomiya. Kung gayon, may kakayahan ang mga bagong may-ari na magdikta o magmanipula ng presyo at serbisyo sa pamilihan. Kung susuriing mabuti ang lahat ng punto, lumalabas na ang mga mayayamang bansa lamang ang mananatiling kapitalista samanatalang ang mga maliliit ay mananatiling mga manggagawa lamang. Samakatwid, halatang-halata na ang ibig sabihin ng globalisasyon ay ang lubusang pagpapalaganap at ganap na paghahari sa buong mundo ng kapitalismo sa anyo ng imperyalismo. Malinaw na ang globalisasyon ay isang bagong anyo lamang ng rekolonisasyon ng mundo.

Ang dalawang panig ay parehong may mga punto sa kanilang mga argumento. Ang globalisasyon nga ba ay isang anyo ng imperyalismo?

| Sang-ayon | Salungat |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |

B. Tukuyin ang aktwal na intensyon ng mga sumusunod na pahayag. Titik lamang.

2. *Ang mga bansang imperyalista ay pare-parehong nangangailangan ng mga kolonya at pamilihang maaari nilang pagbentahan ng mga produktong pinag-ukulan ng malalaking kapital kaya sila ay nag-una-unahan sa pananakop ng mga teritoryo.*

   Ang pahayag ay may intensyong:

   e. ipakita ang masamang interes ng mga imperyalista sa mga teritoryo.
   f. ipagtanggol ang mga imperyalista.
   g. ipagyabang ang kayamanan at kapangyarihan ng mga imperyalista.
   h. ilahad ang lawak ng sakop ng mga imperyalista.

6. *Ang ipinagmamalaking industriyalisasyon* **daw** *ng mga bansang imperyalista ay pinagbuwisan ng buhay ng milyun-milyong mamamayan sa buong daigdig na sinakop ng makabagong kolonyalismo*.

   Ito ay may intensyong:

   a. bilangin ang milyun-milyong namatay sa digmaan.
   b. kutyain ang industriyalisasyong inaaangkin ng mga imperyalista.

c. suriin ang industriyalisasyong dulot ng kolonyalismo.
d. ipaliwanag ang kahulugan ng makabagong kolonyalismo.

7. *Sa kasalukuyan, ang isinusulong naman ng imperyalista ay ang tinatawag na globalisasyon. Ayon sa kanila, isa itong istratehiyang pang-ekonomiya na magsisilbing daan tungo sa pag-unlad.*

   Ang teksto ay may intensyong:
   a. ipagmalaki ang istratehiya ng imperyalismo.
   b. hatiin ang opinyon ng mga mambabasa.
   c. ilahad ang tunay na kahulugan ng globalisasyon.
   d. ipagtanggol ang globalisasyon.

8. *Ang tatlong haligi ng globalisasyong ito ay nakakiling lamang sa mga mayayamang bansang may sapat na kapital upang makipagkalakalan.*

   May intensyon itong:
   a. bigyan ng kredito ang globalisasyon.
   b. ipaliwanag na dapat makipagkalakalan sa mayayamang bansa.
   c. ipaunawang ang globalisasyon ay nakapabor lamang sa mayayamang bansa.
   d. ilahad na dapat ang capital ay manggaling sa mga mayayamang bansa.

9. *Samakatwid, halatang-halata na ang ibig sabihin ng globalisasyon ay ang lubusang pagpapalaganap at ganap na paghahari sa buong mundo ng kapitalismo sa anyo ng imperyalismo. Malinaw na ang globalisasyon ay isang bagong anyo lamang ng rekolonisasyon ng mundo*.

   Ang teksto ay may intensyong:
   a. hikayatin ang mga mambabasa na umayon sa kanyang panig.
   b. ayunan ang globalisasyon.
   c. Ipagtanggol ang paghahari ng kapitalismo.
   d. Lituhin ang mga mambabasa sa isyung tinalakay.

## II. Pagpapakahulugan sa Salita at Pangungusap

Lagyan ng tsek (/) ang kahon kung angkop ang mga pangungusap sa aytem at (**X)** kung hindi.

1. Batay sa Sariling Karanasan

☐ Nagmula ang malawakang armadong pananakop ng teritoryo noong panahon ng *Roman Empire*.

☐ Nakita ko kung paano pinahirapan ng kapitalismo ang masang Pilipino.

☐ Nakontrol ng *British Empire* ang Africa at maraming bansa sa Asya.

2. Batay sa tono o himig

   Ang sumusunod ay nagpapahayag ng maigting na damdamin ng

paghihimagsik:

☐ Sapat na ba sa iyo ang maging alipin sa habampanahon?

☐ Pagkilos at pagkamulat ang sagot sa kahirapan.

☐ Bigyang-dangal natin ang lahing nakasanayan na nilang alipinin!

3. Batay sa mambabasa

Sa isang asembli ng mga propesyunal na sawa na sa maruming uri ng pulitika:

☐ Ginagawa natin nang maayos ang ating mga obligasyon bilang mamamayan ng bansa. Ipagpatuloy natin ito.

☐ Ang produksyon ng bigas ay lalong bumaba sa taong ito.

☐ Kung ang mismong liderato ng bansa ay nandaraya, ano kaya ang maaasahan natin sa mga nasa ibaba?

4. Batay sa panahon at lokasyon

Sa isang sesyon sa konggreso tungkol sa pagsasabatas ng ekspansyon ng *value-added tax:*

☐ Mga ginoo at ginang sa bulwagang ito: Hayaan ninyong isa-isahin ko ang mga kabutihan ng panukalang ito.

☐ Nasisiraan ka na ba ng ulo, bakit naman ako papayag sa gusto mo?

☐ Iginagalang ko ang iyong opinyon, subalit ako ay tuwirang sumasalungat dito.

5. Ayon sa sitwasyong pinaggagamitan

Ang mga sumusunod ay may kahulugang kontekstwal:

☐ Hangang-hanga ako sa iyo! Naipaliwanag mo nang malinaw ang mga prosesong pinagdadaanan ng batas.

☐ Hangang-hanga ako sa iyo! Ni wala kang nasabi.

☐ Hangang-hanga ako sa iyo! Pinalakpakan ka ng lahat.

III. **Gamit ng Pang-ugnay**

Piliin ang angkop na pang-ugnay sa daloy ng kaisipan ng teksto. Titik lamang.

*Video Machines* at Neo-kolonyalismo

Kung susuriin, naniniwala akong ang pagnenegosyo ng mga dayuhan ng *video machines* sa Pilipinas ay isa sa mga istratehiya ng neo-kolonyalismo.(1.a. **Una,** b. **Pang-una**) sa ibang bansa nanggagaling ang mga video machines. (2.a. **Sapagkat,** b**. Kung ganoon)** , ang bansang gumagamit nito ay konsyumer lamang. Ang tanging nakikinabang ay ang bansang mayayaman at may sapat na kapital. Ikalawa, ito ay may disenyong nakapatern sa kultura ng bansang pinanggagalingan. (3.a**. Bagamat**, b. **Samakatwid)** ang isinusulong nito ay ang kultura lamang nila **kaya** walang pakialam sa mga bansang konsyumer. {4.a. **Ikatlo**, b.**Pantatlo**) ang mga laro sa video games ay lagi nang tungkol sa pamamayani ng mga malalakas at makapangyarihan. Kung sino ang mas marahas, siya ang mangingibabaw. Hindi ba ang karahasan ay ang unang sandata ng mga kolonisador? {5.a. **Sa kabuuan**, b **Kaya**) masasabi kong ang paraang ito ay may istratehiyang neo-kolonisador- sa ekonomiya nila pinararaan ang pananakop

## IV. Pagsusuri at Pagsulat ng Pasya

Basahin ang mga teksto. Tukuyin ang uri nito. Pagkatapos, pumili ng isa na gusto mong sagutin. Pagpasyahan kung ano ang panig na sasang-ayunan o sasalungatin mo. Timbanging mabuti ang mga ideya. Tandaan na ito ay dapat na nakabatay sa mga katwiran at patunay na inilahad. Maaari mong gamitin ang balangkas na inihanda sa paglalahad ng iyong panig – formal o informal.

1. *Sa kasalukuyan, ang isinusulong naman ng imperyalista ay ang tinatawag na globalisasyon. Ayon sa kanila, isa itong istratehiyang pang-ekonomiya na magsisilbing daan tungo sa pag-unlad. Una, may layunin itong maging magkapantay ang oportunidad ng lahat ng mga bansa sa larangan ng ekonomiya sa pamamagitan ng maluwag na pagbubukas ng pamilihan para sa mga mamumuhunan. Ikalawa, ito raw ang daan tungo sa pandaigdigang pag-unlad o progreso sapagkat ang mga maliliit na bansa ay dadayuhin ng mga mamumuhunan o investors. Dahil dito, magkakaroon ng mas maraming opurtunidad at trabaho. Ikatlo, ito ang mag-aalis ng pagitan o hangganang naghihiwalay sa mga bansa. Layunin nitong itayo ang isang pandaigdigang komunidad para sa malayang kalakalan at malayang pamumuhunan. Sa kabuuan, mabubuhay ang mga mamamayan ng daigdig sa iisang komunidad na may iisang ekonomiya at magsusulong ng kapatiran ng mga bansa*.

2. *Siguro, masaya ka ngayon dahil maraming mga produktong imported sa Pilipinas, di ba? Kahit saan ka tumingin, nandyan lang ang mga gamit na gusto mo. Ang totoo, ang iba ay mas mura pa sa mga lokal. Pare, pag-isipan mo: Bakit kaya nagkakaganito- mahal ang lokal, mura ang imported? Simple lang ang sagot dyan! Gusto mong malaman? Sige, makinig ka… Sa mga imported, murang binibili ang hilaw na materyales na ginamit, mula sa maliliit na bansang hawak sa leeg ng mga mayayamang bansa. Ang pagproseso ay mura rin dahil ang mga trabahador ay mula sa mga naghihirap na mamamayang kahit pakainin na lang ay papapayag na basta mabuhay lang. Pag nayari na ang produkto, maluwag itong makakapasok sa mga maliliit na bansa na halos walang restriksyon, halos walang binabayarang buwis. Free market ang tawag nila roon. Ano ngayon ang mangyayari sa produktong lokal? Mahal ang produksyon, mahal ang pagpapatrabaho, napakalaki*

*ng buwis na binabayaran, maraming tumatangkilik sa imported, tulad mo! Talo agad, di ba? O ano pare, naintindihan mo ba?*

- <u>FORMAL</u>

Tungkol sa isyung __________________ (Ang isyung pinili mo.) Naniniwala akong ________________________________ (Ilahad ang iyong panig.) Nasabi ko ito sapagkat _______________________________ (Unang matibay na patunay o katwiran.) Ikalawa ________________________________(Kasunod na katwiran at paliwanag.) Ikatlo, _____________________________________ (Panghuling katwiran at depensa.)

Sa kabuuan, kung susuriin _____________________________ (Epekto ng panig kung sasang-ayunan ng nakararami) Kaya naniniwala ako at naninidigang ___________________________ (Pagbibigay-diing muli sa panig.)

- <u>INFORMAL</u>

Mga kaibigan, kung ang pag-uusapan natin eh ang isyung __________________ (Ang isyung pinili mo.) Heto ang paniwala ko ____________________________________ (Ilahad ang iyong panig.) Nasabi ko, ito kasi _________________________________ (Unang matibay na patunay o katwiran.) Ikalawa rito, isipin mo na lang di ba _______________________________________________(Kasunod na katwiran at paliwanag.) Ikatlo, kung ikaw, hindi ba maiisip mo ring ______________________________________________________ (Panghuling katwiran at depensa.) Kung titingnan mo, makikinabang tayong lahat dahil _____________________________ (Epekto ng panig kung sasang-ayunan ng nakararami) Kaya ako, hindi mababago ang pasya ko na___________________________ (Pagbibigay-diing muli sa panig.)